

# Pag-abiso Nang May Pagkilala sa Trauma ng Tanggapan ng Sheriff ng King County

*Pagsusuri ng Patakaran  
at Mga Rekomendasyon*

Hulyo 2024



King County

# OLEO

OFFICE OF LAW ENFORCEMENT OVERSIGHT

# Pag-abiso Nang May Pagkilala sa Trauma ng Tanggapan ng Sheriff ng King County

*Pagsusuri ng Patakaran at Mga Rekomendasyon*

## Talaan ng Mga Nilalaman

Ehekutibong Buod .....	3
Panimula .....	7
Mga Kasalukuyang Pamamaraan ng Pag-abiso ...	8
Mga Insidenteng May Nakamamatay na Puwersa ...	8
Mga Insidenteng May Hindi Nakamamatay na Puwersa at Iba Pang Seryosong Insidente.....	11
Mga Ginagawang Pag-abiso Kapag May Insidente.	11
Pinakamahuhusay na Kasanayan.....	14
Pag-abiso ng Kamag-anak.....	14
Pag-abiso sa Publiko .....	20
Pagsusuri at Mga Rekomendasyon.....	26
Pagsusuri.....	26
Mga Rekomendasyon .....	28
Appendix I – Buod na Talahanayan ng Mga Kasanayan sa Pag-abiso .....	35
Mga Endnote .....	39

## Babala sa Nilalaman

Naglalaman ang ulat na ito ng talakayan sa paggamit ng puwersa para sa pagpapatupad ng batas, nakamamatay na paggamit ng puwersa, pagkamatay, seryosong pinsala, pagpapakamatay, at iba pang traumatic na karanasan.

Available ang OLEO bilang resource kung mayroon kang mga partikular na alalahanin tungkol sa mga pagkilos o posibleng hindi katanggap-tanggap na gawi ng mga tauhan ng Tanggapan ng Sheriff. Puwede kang makipag-ugnayan sa OLEO sa pamamagitan ng pagtawag sa **206-263-8870** o pag-email sa [OLEO@kingcounty.gov](mailto:OLEO@kingcounty.gov).

Para sa higit pang impormasyon, pati para sa mga gabay tungkol sa paghahain ng reklamo sa mga karagdagang wika, bisitahin ang website ng OLEO sa: [kingcounty.gov/OLEO](https://kingcounty.gov/OLEO).

Puwede ka ring direktang maghain ng reklamo sa Tanggapan ng Sheriff sa pamamagitan ng pagtawag sa **206-263-2525** o pagbisita sa: <https://kingcounty.gov/depts/sheriff/about-us/contact/complaint.aspx>.



# OLEO

OFFICE OF LAW ENFORCEMENT OVERSIGHT

**Layunin ng Pagsubaybay sa Tanggapan ng Pagpapatupad ng Batas (Office of Law Enforcement Oversight, OLEO) na pagaanin ang buhay ng mga residente ng King County sa pamamagitan ng hiwalay nitong pagsubaybay sa Tanggapan ng Sheriff ng King County (Tanggapan ng Sheriff).**

Layunin naming pataasin pa ang mga pamantayan sa pagpapatupad ng batas na nakatuon sa komunidad at pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng mga makatuwirang pagsusuri, hiwalay na imbestigasyon, at rekomendasyon sa patakaran na batay sa ebidensya.

## Makipag-ugnayan sa OLEO

☎ Telepono: 206-263-8870

✉ Email: [OLEO@kingcounty.gov](mailto:OLEO@kingcounty.gov)

🌐 Web: [kingcounty.gov/OLEO](https://kingcounty.gov/OLEO)

**Nagbabago ang wika, at mahalaga ang pagpili ng mga salita sa pagsusulong ng layunin sa pagkakapantay-patay, pagiging patas, katarungan, at pananagutan.** Ang ulat na ito ay may mga terminong tumutugma sa original na pinagmulang materyales o sa sheet ng istilo ng wika ng OLEO na naglalayong gumamit ng mga terminong mas neutral, inklusibo, at nakatuon sa mga tao at komunidad. Halimbawa, gumagamit ang OLEO ng parirala gaya ng “pamamaril ng pulisya” na itinuturing na mas neutral kaysa sa “pamamaril na kinasasangkutan ng pulisya.”<sup>1</sup>

## Ang ulat ay inihanda nina:

Lea Hunter, Katy Kirschner, Megan Kraft

## Ang ulat ay na-edit ni:

Liz Dop

**Available sa mga alternatibong format.**  
Tumawag sa 206-263-8870 o TTY: 711.

# Ehekutibong Buod

Tinatalakay ng ulat na ito ang pag-abiso nang may pagkilala sa trauma kasunod ng isang kritikal na insidente, kung saan kasama ang pakikipag-ugnayan sa kamag-anak at sa publiko. Ang “kritikal na insidente” ay isang pangkalahatang termino na may tatlong sitwasyong nangangailangan ng pag-abiso.<sup>a</sup> Iba ang pangangasiwa sa mga insidenteng ito pagdating sa mga tuntunin ng mga pamamaraan ng imbestigasyon at sa kung sino ang may tungkulin na abisuhan ang kamag-anak at ang publiko: (1) paggamit ng nakamamatay na puwersa na nagreresulta sa pagkamatay o seryosong pinsala,<sup>b</sup> (2) paggamit ng hindi nakamamatay na puwersa na nagreresulta sa pagkamatay o seryosong pinsala, at (3) pagkamatay o seryosong pinsala habang nasa kustodiya kung saan walang ginamit na puwersa.

## Nakamamatay na Puwersa

Iniaatas ng batas ng estado na magsagawa ng hiwalay na imbestigasyon ng mga insidente kung saan may nakamamatay na puwersang nagresulta sa pagkamatay, matinding pinsala sa pangangatawan, o napakatinding pinsala sa pangangatawan. Napagpasyahan ng Tanggapan ng Sheriff na hindi sila ang makikipag-ugnayan sa kamag-anak kapag may hiwalay na imbestigasyon. Gayunpaman, ang inaatasan ng batas ng estado na mag-abiso sa kamag-anak tungkol sa nakamamatay na puwersa ay ang sangkot na ahensya o ang mga hiwalay na imbestigador, alinman ang mas mabilis. Sa pagsusuri ng OLEO ng mga kritikal na insidente kamakailan na kinasasangkutan ng Tanggapan ng Sheriff, may ilang sitwasyon kung saan mas mabilis sanang nakaugnayan ng Tanggapan ng Sheriff, kaysa sa mga hiwalay na imbestigador, ang kamag-anak; halimbawa, kung nasa tagpo ang kamag-anak o kung aktibo siyang nakipag-ugnayan sa mga tauhan ng Tanggapan ng Sheriff. Kung nagresulta ang mga pagkilos ng Tanggapan ng Sheriff sa pagkamatay o seryosong pinsala ng isang mahal sa buhay, kahit hindi sila direktang makipag-ugnayan sa kamag-anak, responsibilidad nilang angkinin ang proseso (ibig sabihin, pangunahan ang paggawa ng mga bagong patakaran). Inirerekomenda ng OLEO na gumawa ng bagong gabay na patakaran para sa mga posibleng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tauhan ng Tanggapan ng Sheriff at ng kamag-anak kasunod ng isang kritikal na insidente, pati pagkatapos ng isang hiwalay na imbestigasyon. May ilang gabay na patakaran ang Tanggapan ng Sheriff pagdating sa pakikipag-ugnayan sa publiko, pati sa mga pahayag sa media at pahayag sa publiko, pero may natukoy sa pagsusuri ng OLEO ng pinakamahuhusay na kasanayan at mga patakaran ng peer na ahensya na ilang aspetong puwede pang pahasayin sa paggawa ng mga pamantayan sa pakikipag-ugnayan sa publiko at sa pagiging mas accessible at transparent ng impormasyon ng kritika na insidente.

## Hindi Nakamamatay na Puwersa

Sa ilalim ng batas ng estado, ang paggamit ng hindi nakamamatay na puwersa na nagreresulta sa pagkamatay o seryosong pinsala ay hindi nagpapasimula ng hiwalay na imbestigasyon, pero pareho lang ang pangangailangan para sa pakikipag-ugnayan sa kamag-anak at sa publiko nang may pagkilala sa trauma. Sa kasalukuyang kasanayan ng Tanggapan ng Sheriff, ibinibigay ang pangunahing responsibilidad sa pag-abiso sa mga tauhan ng ospital at sa Medikal na Tagasuri, na sinasang-ayunan ng OLEO bilang naaangkop, pero inirerekomenda ng OLEO na gumawa ng mas malinaw na protocol para sa pagbibigay ng impormasyon sa taong ginamitan ng puwersa o sa kamag-anak kapag hiniling.

<sup>a</sup> Tinatalakay ng ulat na ito ang mga kritikal na insidenteng posibleng mangailangan ng pag-abisong may pagkilala sa trauma sa kamag-anak at sa publiko; hindi nito tinatalakay ang mga kritikal na insidente kung saan walang pagkamatay o seryosong pinsala na posibleng mangailangan ng pag-abiso gaya ng pag-discharge ng baril na hindi nagreresulta sa pinsala.

<sup>b</sup> Ang mga eksaktong kundisyon na nagpapasimula ng hiwalay na imbestigasyon ay pinsala sa pangangatawan, matinding pinsala sa pangangatawan, o pagkamatay ayon sa paglalarawan sa Nirebisang Kodigo ng Washington (Revised Code of Washington, RCW) 9A.04.110.

## Pagkamatay o Seryosong Pinsala Habang Nasa Kustodiya

Hindi iniaatas ng batas ng estado na magkaroon ng hiwalay na imbestigasyon para sa isang pagkamatay habang nasa kustodiya o isang insidenteng hindi gumagamit ng puwersa na nagreresulta sa seryosong pinsala; gayunpaman, may itinakdang kasanayan ang Tanggapan ng Sheriff na magpasimula ng hiwalay na imbestigasyon bilang pinakamahusay na kasanayan. Dahil may ilang inconsistency sa pag-abiso ng kamag-anak at sa publiko sa nakaraan, inirerekomenda ng OLEO na gawing pormal ang mga kasanayan sa mga hiwalay na imbestigasyon ng iba pang seryosong insidente at gumawa ng consistent na pamantayan para sa pag-abiso nang may pagkilala sa trauma.

### Talahanayan 1. Pangkalahatang-ideya ng kritikal na insidente

	Mga Seryosong Insidente na Gumagamit ng Puwersa		Iba Pang Seryosong Insidente
	Nakamamatay na puwersa	Hindi nakamamatay na puwersa	Hindi gumagamit ng puwersa
	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pag-discharge ng baril.</li> <li>Anumang paggamit ng puwersa na nagreresulta sa pagkamatay o seryosong pinsala.</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>Namatay o kinailangang maospital ang isang tao habang siya ay nasa kustodiya.</li> <li>Iba pang contact na nagreresulta sa pagkakaospital o pagkamatay, gaya ng aksidente sa sasakyan.</li> </ul>
<b>Paglalarawan</b>	Ang sadyang paggamit ng puwersa sa pamamagitan ng baril o iba pang paraan na malamang ay magresulta sa pagkamatay o seryosong pinsala sa pangangatawan.	Ang paggamit ng intermediate o mas mahinang pisikal na puwersa na malamang ay hindi o hindi naglalayong magresulta sa pagkamatay, pero puwedeng magdulot ng seryosong kapahamakan o pinsala.	Hindi gumagamit ng pisikal na puwersa pero nagreresulta ang contact sa mga tauhan ng Tanggapan ng Sheriff sa pagkamatay o pagkakaospital.
<b>Halimbawa</b>	Binaril ng isang deputy ang isang sibilyang may baril.	Sinuntok, sinipa, o ginamitan ng Taser Conducted Energy Weapon (CEW) ng isang deputy ang isang silbiyan.	Aksidente sa sasakyan na kinasasangkutan ng isang deputy kung saan may naospital, o pagkamatay habang nasa kustodiya gaya ng pagpapakamatay.
<b>Kinakailangan sa hiwalay na imbestigasyon</b>	Nagpapasimula ng hiwalay na imbestigasyong napapailalim sa Batas para sa Pagsasanay sa Pagpapatupad ng Batas at Kaligtasan ng Komunidad (Law Enforcement Training and Community Safety Act, LETCSA).	Hindi nagpapasimula ng hiwalay na imbestigasyon sa ilalim ng LETCSA, gayunpaman, may awtoridad ang Tanggapan ng Sheriff na humiling ng hiwalay na imbestigasyon.	Bagama't hindi iniaatas ng LETCSA, ang kasanayan ng Tanggapan ng Sheriff ay magpasimula ng hiwalay na imbestigasyon kung may pagkamatay habang nasa kustodiya.
<b>Mga kasanayan sa pag-abiso</b>	Sa kasalukuyang kasanayan ng Tanggapan ng Sheriff, ipinapasa ang pag-abiso ng kamag-anak sa Team para sa Hiwalay na Imbestigasyon, at may ilang gabay na patakaran sa pakikipag-ugnayan sa publiko, pati sa mga pahayag sa media at sa publiko.	Sa kasalukuyang kasanayan ng Tanggapan ng Sheriff, ibinibigay ang pangunahing responsibilidad sa pag-abiso ng kamag-anak sa mga tauhan ng ospital at sa Medikal na Tagasuri Inconsistent at hindi pormal na nakasaad sa patakaran ang mga kasanayan sa pag-abiso sa publiko.	Kung may pagkamatay habang nasa kustodiya, ang kasalukuyang kasanayan ng Tanggapan ng Sheriff ay ipasa sa Medikal na Tagasuri ang responsibilidad na mag-abiso ng kamag-anak, at ang sinusunod ay ang kasanayan sa pag-abiso sa publiko na tulad sa nakamamatay na puwersa. Kung wala naman, walang pormal na kasanayan para sa pag-abiso ng kamag-anak o sa publiko.

## Mga Rekomendasyon

Iniisyu ng ulat na ito ang mga sumusunod na rekomendasyon (na idinedetalye sa [pahina 28](#)) na naglalayong magsulong ng mga kasanayang may pagkilala sa trauma at higit pang transparency at consistency sa serbisyo ng Tanggapan ng Sheriff sa komunidad:

**1.**

**Gumawa ng patakaran at magsama ng mga salita sa Mga Memorandum ng Pag-unawa<sup>c</sup> para sa pag-abiso at pakikipag-ugnayan nang may pagkilala sa trauma pagkatapos ng bawat uri ng kritikal na insidente.**

- Gumawa ng multidisciplinary na team para sa pakikipag-ugnayan sa pamilya na magiging responsable sa pag-abiso ng kamag-anak pagkatapos ng isang kritikal na insidente. Dapat gawin ng team na ito sa pakikipag-ugnayan ang mga sumusunod:
  - » Atasan ang mga tauhang nakikipag-ugnayan sa kamag-anak na magpasama sa mga kinatawang hindi tagapagpatupad ng batas.
  - » Iatas na sa personal makipag-ugnayan sa kamag-anak kung posible.
  - » Atasan ang mga tauhang nakikipag-ugnayan sa kamag-anak na magsuot ng plain na damit.
  - » Magbigay ng mga nakasulat na materyales o pamphlet na iiwanan sa kamag-anak.
- Magbigay sa mga tauhan ng pagsasanay para sa pakikipag-ugnayang may pagkilala sa trauma na magagamit sa mga emergency na sitwasyon.

**2.**

**Makipagtulungan sa mga organisasyong nag-aalok ng mga serbisyo para sa suporta sa biktima sa King County para magbigay ng mga tugong may pagkilala sa trauma at referral sa organisasyon sa komunidad na patas at may kabatiran sa kultura.**

**3.**

**Linawing kumpidensyal, o hindi kumpidensyal, ang mga ugnayan sa pagitan ng kamag-anak at family liaison ng hiwalay na imbestigador.**

**4.**

**I-publish ang mga protocol ng Team para sa Hiwalay na Imbestigasyon sa website ng Tanggapan ng Sheriff.**

*ipinagpatuloy*

<sup>c</sup> Sinasaklaw ng mga memorandum ng pag-unawa ang pakikibahagi ng Tanggapan ng Sheriff sa mga kritikal na insidente kung saan may sangkot na Team para sa Hiwalay na Imbestigasyon (Independent Investigative Team, IIT).

## Mga Rekomendasyon *ipinagpatuloy*

*ipinagpatuloy*

**5.**

**Gumawa ng patakaran para sa pagpapahayag sa media kasunod ng isang kritikal na insidente para isama ang:**

- Timing ng pahayag.
- Mga nilalaman ng paunang pahayag sa media.
- Pagpapalawak sa pagbabawal sa paglalabas ng kasaysayan ng krimen.
- Paglalabas sa mga pangalan ng mga deputy.
- Pangkalahatang gabay sa pakikipag-ugnayan sa publiko.

**6.**

**Gumawa ng patakaran sa paglalabas ng video pati sa paglalabas ng footage ng kritikal na insidente sa loob ng 72 oras at na nangangailangan ng transparency sa pagpapasya.**

**7.**

**Gumawa ng portal ng data kung saan madaling maa-access ang data ng lahat ng kritikal na insidente.**

# Panimula

Sa dalawang kamakailang pagsusuri ng mga nakamamatay na pamamaril na kinasangkutan ng Tanggapan ng Sheriff, naglabas ang OLEO ng mga rekomendasyon sa patakaran na naglalayong pahusayin ang pakikipag-ugnayan sa mga kapamilya at mahal sa buhay kasunod ng isang kritikal na insidente.<sup>2</sup> Patuloy na nakipag-ugnayan ang OLEO sa apektadong kamag-anak na nagbigay-diin sa pangangailangan na magpatibay ang Tanggapan ng Sheriff ng pormal na sistema ng pag-abiso kasunod ng isang kritikal na insidente. Nagbibigay ang follow-up na ulat na ito ng mga karagdagang rekomendasyon sa pananaliksik at patakaran para mapahusay ang komunikasyon sa pagitan ng Tanggapan ng Sheriff at ng mga miyembro ng komunidad kasunod ng isang kritikal na insidente at para magsulong ng pinakamahuhusay na kasanayang may pagkilala sa trauma.

Nasangkot ang Tanggapan ng Sheriff sa 20 kritikal na insidente sa loob ng apat na taong pagsusuri sa ulat na ito (Enero 2019-Disyembre 2022), kung saan may kasamang contact para sa pagpapatupad ng batas na gumamit ng nakamamatay na puwersa o hindi nakamamatay na puwersa na nagresulta sa pagkamatay o mga seryosong pinsala at iba pang seryosong insidente, gaya ng pagkamatay o seryosong pinsala habang nasa kustodiya. Sa likod ng bawat isa sa mga insidenteng ito ay isang tao at kanyang mga mahal sa buhay na naapektuhan at nalantad sa matinding trauma. Bilang paghahanda para sa ulat na ito, kinausap ng OLEO ang ilan sa mga kamag-anak na nagbahaging may mga kinaharap silang pagsubok sa pagtanggap ng impormasyon at komunikasyon tungkol sa nangyari sa kanilang mga mahal sa buhay. Kadalasan, napakahirap ng kalagayan ng mga kamag-anak; ang pagkakaroon o kawalan ng sensitibo at malinaw na komunikasyon ay may kapangyarihang makatulong o lubos na makahadlang sa kakayahan nilang maghilom. Pati ang mas malawak na komunidad ay naaabot ng posibleng trauma na nauugnay sa isang insidente para sa pagpapatupad ng batas na nagresulta sa pagkamatay o seryosong pinsala. Ang mga high-profile na marahas na pagkilos ng pulisya ay may malaking epekto sa tiwala ng komunidad sa mga tagapagpatupad ng batas.<sup>3</sup> At gaya ng napag-alaman sa isang survey sa mga residente ng King County, “ang pagtiyak na nakakatanggap ang publiko ng mga nasa oras at tamang update tungkol sa isang kaso kasunod ng isang insidenteng gumagamit ng nakakamatay na puwersa” ay isa sa mga isyung pinakaisinasaprioridad ng komunidad para sa pagsubaybay ng pulisya.<sup>4</sup>

Layunin ng ulat ng OLEO na sagutin ang tanong na: Paano magagawa ng Tanggapan ng Sheriff na gumamit ng lens na may pagkilala sa trauma para kausapin ang mga miyembro ng komunidad kasunod ng isang kritikal na insidente? Sinusuri ng ulat na ito ang landscape ng batas at patakaran na sumasaklaw sa pag-abiso at komunikasyon sa publiko kasunod ng isang kritikal na insidente, ang kasalukuyang patakaran ng Tanggapan ng Sheriff, at ang mga pambansang kasanayan sa pananaliksik at pinakamahuhusay na kasanayan sa pagsasama ng mga pag-abisong may pagkilala sa trauma; nag-aalok ang ulat na ito ng mga rekomendasyon sa patakaran na puwedeng ipatupad ng Tanggapan ng Sheriff para mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa pakikipag-ugnayan sa kamag-anak o sa publiko.

**Mahalagang paalala tungkol sa terminong nakamamatay na puwersa at hindi nakamamatay na puwersa.**



Ginagamit ng ulat na ito at ng mga nauugnay na patakaran at pamamaraan ang terminong **nakamamatay na puwersa at hindi nakamamatay na puwersa**. Mahalagang linawin na ipinapakahulugan ang mga terminong ito ayon sa uri ng puwersa na pauna nang tinukoy sa ilalim ng batas ng estado at patakaran ng Tanggapan ng Sheriff, at hindi nagbabago ang mga ito ayon sa resulta ng isang insidente. Halimbawa, puwedeng gumamit ang mga tauhan ng “nakamamatay na puwersa” na hindi nagreresulta sa pagkamatay o pinsala. Sa katulad na paraan, puwede silang gumamit ng “hindi nakakamatay na puwersa” na nagreresulta sa pagkamatay.

Ang pagkakaibang ito ang nakakaapekto sa kung magpapasimula ba ang Batas para sa Pagsasanay sa Pagpapatupad ng Batas at Kaligtasan ng Komunidad ng hiwalay na imbestigasyon.

# Mga Kasalukuyang Pamamaraan ng Pag-abiso


Inilalarawan ng seksyong ito ang mga kasalukuyang pamamaraan ng pag-abiso ng Tanggapan ng Sheriff na nauugnay sa isang kritikal na insidente.<sup>5</sup> Kung naaangkop, may isinama kaming gabay mula sa Batas para sa Pagsasanay sa Pagpapatupad ng Batas at Kaligtasan ng Komunidad (LETCSA)<sup>6</sup> at pinakamahuhusay na kasanayan mula sa Komisyon sa Pagsasanay para sa Katarungan sa Krimen ng Estado ng Washington (Washington State Criminal Justice Training Commission, WSCJTC)<sup>7</sup>:

## Mga Insidenteng May Nakamamatay na Puwersa

- May deputy ng Tanggapan ng Sheriff na gumamit ng **nakamamatay na puwersa**, at aabisuhan niya kaagad ang kanyang supervisor.<sup>8</sup>
- Kapag natukoy nang ligtas ang tagpo at nalapatan na ng mga hakbang na pansagip ng buhay ang mga nakamamatay na pinsala, agarang makikipag-ugnayan ang Tanggapan ng Sheriff sa isang Team para sa Hiwalay na Imbestigasyon (IIT).<sup>9</sup>
  - » Ang IIT ay isang team ng mga kwalipikado at sertipikadong imbestigador para sa pagpapatupad ng batas, sibilyan na espesyalista sa pinangyarihan ng krimen, at may hindi bababa sa dalawang kinatawan ng komunidad na hindi tagapagpapatupad ng batas na nag-o-operate nang hiwalay sa anumang sangkot na ahensya para imbestigahan ang mga insidenteng gumagamit ng nakakamatay na puwersa para sa pagpapatupad ng batas. Gumagawa ng IIT kapag nagkakaroon ng nakasulat na kasunduan sa pagitan ng maraming ahensya para sa pagpapatupad ng batas para imbestigahan ang paggamit ng nakakamatay na puwersa ng mga tagapagpapatupad ng batas sa kanilang mga heograpikong rehiyon. Puwedeng iisang ahensya lang para sa pagpapatupad ng batas ang tumugon sa hiwalay na imbestigasyon, basta't hindi ito ang sangkot na ahensya.<sup>10</sup>

Tatlong IIT ang nagserbisyo sa Tanggapan ng Sheriff noong 2019-2022, gaya ng nakabalangkas sa Talahanayan 2 sa susunod na page.

**Figure 1. Mga kasalukuyang pamamaraan ng pag-abiso para sa mga insidenteng gumagamit ng nakamamatay na puwersa**



## Talahanayan 2. Mga Team para sa Hiwalay na Imbestigasyon (IIT) na nagseserbisyo sa King County

IIT	Team sa Pag-iimbestiga ng Puwersa ng Seattle	Team para sa Hiwalay na Imbestigasyon ng Paggamit ng Puwersa – King County	Team para sa Mga Hiwalay na Imbestigasyon ng Valley
Mga ahensya sa IIT	Departamento ng Pulisya ng Seattle	Mga Departamento ng Pulisya ng North King County Bellevue, Clyde Hill, Duvall, Issaquah, Tanggapan ng Sheriff ng King County, Kirkland, Lake Forest Park, Medina, Mercer Island, Redmond, Snoqualmie/ North Bend, University of Washington, at Patrol ng Estado ng Washington	Mga Departamento ng Pulisya ng South King County Auburn, Des Moines, Federal Way, Kent, Port of Seattle, Renton, at Tukwila

- » Dapat magsagawa ng hiwalay na imbestigasyon ng krimen sa tuwing nagreresulta ang paggamit ng nakakamatay na puwersa ng isang opisyal para sa pagpapatupad ng batas sa napakatinding pinsala sa pangangatawan,<sup>11</sup> matinding pinsala sa pangangatawan,<sup>12</sup> o pagkamatay.<sup>13, 14, e</sup>
- » Sa puntong ito ng insidente, may awtoridad ang Tanggapan ng Sheriff na abisuhan ang kamag-anak tungkol sa paggamit ng puwersa.<sup>f</sup> Gayunpaman, isinaad ng mga tauhan ng Tanggapan ng Sheriff na walang patakatan sa Manual ng Mga Pangkalahatang Kautusan (GOM) na nauugnay sa pag-abiso tungkol sa kritikal na insidente,<sup>15</sup> at na ang kanilang kasalukuyang kasanayan ay ipasa ang lahat ng pag-abiso sa nakatalagang IIT, kahit sa mga sitwasyon kung kailan mas makakapag-abiso ang Tanggapan ng Sheriff kaysa sa IIT.<sup>16, g</sup>
- Pagdating ng IIT, hindi na Tanggapan ng Sheriff ang kokontrol sa tagpo.<sup>17</sup>
- Bagama't hindi responsibilidad ng Tanggapan ng Sheriff na lubos na makibahagi sa pag-abiso ng kamag-anak, mayroon silang papel sa pag-abiso sa publiko. Ang kasanayan ay pagkatapos na pagkatapos ng isang insidente (na madalas ay sa loob ng ilang oras), maglalabas ang Opisyal ng Tanggapan ng Sheriff para sa Impormasyon ng Publiko ng pahayag sa media kung saan nakasaad, sa pangkalahatan, ang:
  - » Abisong may nangyaring insidente at pangkalahatang impormasyon tungkol sa uri ng pangyayari at sa ginamitan ng puwersa (edad, kasarian, status sa pag-aasawa, trabaho, at mga nakaraang hatol);
  - » Mga pangkalahatang detalye ng hinihinalang paglabag at mga detalye ng pag-aresto kasama ang resistance, pursuit, at pagkakaroon ng mga armas;
  - » Lokasyon ng command post o iba pang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng Opisyal para sa Impormasyon ng Publiko o field supervisor;

<sup>e</sup> Ang mga pagkamatay habang nasa kustodiya kung saan walang ginamit na puwersa ang Tanggapan ng Sheriff ay hindi awtomatikong nagpapasimula ng IIT. Dahil sa pagiging nakamatay ng mga insidenteng ito (kahit walang ginamit na puwersa sa mga ito), nagkaroon ng inconsistency sa mga kasanayan sa pag-abiso ng Tanggapan ng Sheriff gaya ng nakasaad sa Appendix I.

<sup>f</sup> “Mag-aabiso ng kapamilya ng taong ginamitan ng nakakamatay na puwersa sa lalong madaling panahon sa oras na mahanap siya ng sangkot na ahensya o IIT, alinman ang mas mabilis.” (Pang-administratibong Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) 139-12-030(3)(b))

<sup>g</sup> Isinaad ng mga tauhan ng Tanggapan ng Sheriff sa mga interview na batay ang kasanayang ito sa interpretasyon ng batas ng estado.

- » Kalagayan ng mga sangkot;
  - » Kung nagpatawag ba ng medikal na tulong o Medikal na Tagasuri sa tagpo;
  - » Numero at uri ng mga resource ng departamento na ginamit/itinalaga, (hal., TAC-30, K-9, Mga Negotiator, atbp.) maliban na lang kung makakaabala ang paggawa nito sa imbestigasyon;
  - » Mga blockage at evacuation sa mga pangunahing highway o kalsada; at
  - » IIT na nakatalaga sa imbestigasyon.<sup>18</sup>
- May itatalaga ang IIT na family liaison sa loob ng 24 na oras pagkatapos pangasiwaan ang tagpo.<sup>19</sup>
    - » Kung pinaniniwalaang ang taong ginamitan ng nakakamatay na puwersa ay miyembro ng tribong kinikilala ng pederal, magtatalaga ng miyembro ng IIT bilang liaison ng tribo sa loob ng unang 24 na oras at ipapabatid niya sa tribo (o sa kinatawang napili ng tribo) ang lahat ng tungkol sa mga makabuluhang pag-usad sa imbestigasyon.<sup>20</sup>
  - Tinutukoy, hinahanap, at inaabisuhan ng family liaison ang naaangkop na kamag-anak tungkol sa taong ginamitan ng nakamamatay na puwersa, sa lalong madaling panahon, para matiyak na ang kamag-anak ay:
    - » Maaabisuhan, kung posible, bago pa niya malaman ang tungkol sa insidente sa media, social media, mga kaibigan, o kapitbahay.
      - Dapat gawin ang pag-abiso ng kamag-anak tungkol sa pagkamatay nang kumokonsulta sa venue coroner or Medikal na Tagasuri. Puwedeng mas maagang maging bahagi ng proseso ang Medikal na Tagasuri kung nagkakaproblema sa pagtukoy sa pumanaw na indibidwal.<sup>21</sup> Puwede rin siyang makipagtulungan sa mga imbestigador at media para matukoy ang pagkakakilanlan ng mga labi.<sup>22</sup>
    - » May maaasahang paraan para direktang makaugnayan ang liaison at IIT.
    - » Mananatiling updated tungkol sa proseso ng imbestigasyon, kahit walang bago para iulat.
    - » Mabibigyan ng nasa oras na abiso tungkol sa mga makabuluhang pag-usad sa imbestigasyon, pati sa mga pahayag sa media.
    - » Makakatanggap ng tulong sa pakikipag-ugnayan sa isang tagapagsulong ng biktima kung may available, lalo na kapag hiniling ng kamag-anak.
    - » Makakatanggap ng suporta sa anumang komunikasyon at/o access sa mga labi ng pumanaw na indibidwal.<sup>23</sup>
  - Sa kabuuan ng imbestigasyon, kinakailangan ng kinatawan ng IIT para magbigay ng update sa publiko at media nang isang beses sa isang linggo kahit walang bagong impormasyon.<sup>24</sup> Puwedeng pagtuunan ng mga update ang proseso ng imbestigasyon at hindi ang mga nilalaman ng imbestigasyon (evidensya, mga salaysay, ulat ng tagapagpatupad ng batas, atbp.).

## Mga Insidenteng May Hindi Nakamamatay na Puwersa at Iba Pang Seryosong Insidente

Sa mga sitwasyon kung saan nagresulta sa pagkamatay o seryosong pinsala ang contact sa isang deputy ng Tanggapan ng Sheriff na gumamit ng hindi nakamamatay na mas mahinang puwersa o hindi gumamit ng anumang puwersa, hindi susundin ang pamamaraan ng pag-abiso na nakabalangkas sa itaas. Isinaad ng mga tauhan ng Tanggapan ng Sheriff na sa ilan sa mga sitwasyong ito, kung saan pinaniniwalaan nilang mahalagang magkaroon ng higit pang transparency, puwede nilang piliing magpatawag ng IIT para mag-imbetiga, at puwedeng tulad sa mga pamamaraan ng pag-abiso tungkol sa kaso ang mga maging pamamaraan nito.<sup>25</sup> Gayunpaman, kung walang IIT, may mga kumplikadong pagsasaalang-alang sa privacy ng sangkot ng indibidwal at sa pananagutan ng Tanggapan ng Sheriff kung saan dedepende ang maaatasang mag-abiso ng kamag-anak at sa publiko. Ang kasalukuyang kasanayan para sa pag-abiso sa mga insidenteng ito, bagama't hindi ginagabayan ng anumang pormal na patakaran o batas ng estado ay, sa pangkalahatan, may iba pang stakeholder gaya ng mga tauhan ng ospital (mga social worker o medikal na propesyonal) o Medikal na Tagasuri na may limitado o walang partisipasyon sa bahagi ng Tanggapan ng Sheriff, pero puwedeng magbago iyon depende sa sitwasyon.<sup>26</sup>

## Mga Ginagawang Pag-abiso Kapag May Insidente

***Buod: Ayon sa pagsusuri ng OLEO, hindi palaging naaayon ang mga kasanayan sa pag-abiso ng kamag-anak sa mga pamamaraang inilarawan sa itaas, at hindi nag-abiso ang Tanggapan ng Sheriff sa publiko sa karamihan ng mga sinuring kritikal na insidente.***

## Pag-abiso ng Kamag-anak

Para mas maunawaan kung paano nakakaapekto ang proseso ng pag-abiso sa tumatanggap ng balita tungkol sa pagkamatay o seryosong pinsala ng kanilang mahal sa buhay, sinikap ng OLEO na makipag-ugnayan sa mga ginamitan ng puwersa at kamag-anak na naapektuhan ng mga kritikal na insidente ng Tanggapan ng Sheriff sa yugto ng pagsusuri na 2019-2022 at kumonsulta ang OLEO sa mga eksperto sa usapin na nasa labas ng hurisdiksyon ng King County. Mula sa mga interview, ibinahagi ng isang eksperto sa usapin na si Sonia Joseph—ang tagapagtatag ng MyAdvocate<sup>h</sup> at isang residente ng Seattle, na may anak na nangganggalang Giovonn Joseph-McDade na nabaril at napatay ng Pulisya ng Kent noong 2017—na hindi kailanman nakipag-ugnayan sa kanya ang mga tagapagpatupad ng batas kaugnay ng pagkamatay ng kanyang anak at nalaman na lang niya ito sa kanyang mga in-law at sa media.<sup>27</sup> Sinabi niyang walang naging transparency tungkol sa insidente kahit ilang beses niyang sinubukang makipag-ugnayan sa mga tagapagpatupad ng batas para sa impormasyon.



Walang naging kaugnayan ang Tanggapan ng Sheriff sa pagkamatay ni Joseph-McDade at nangyari ito bago ipatupad ang LETCSA<sup>28</sup> na lubos na nakaapekto sa mga kasanayan ng pag-abiso kasunod ng kritikal na insidente. Gayunpaman, sa pagsusuri ng sistema ng OLEO sa pamamariil

<sup>h</sup> Ang MyAdvocate ay isang nonprofit sa Washington na naglalayong “magbigay ng mga resource at suporta sa mga pamilyang apektado ng paggamit ng mga tagapagpatupad ng batas ng nakakamatay na puwersa sa Washington at umakson para magsulong ng restorative na katarungan at reporma para baguhin ang kultura sa pagpapatupad ng batas.” Matuto pa sa <https://myadvocatewa.org/>.

**Pag-abiso ng  
Kamag-anak**  
*ipinagpatuloy*

kay Anthony Chilcott noong 2019 at sa mga sumunod na insidente, may mga natukoy na katulad na alalahanin sa paraan ng pag-abiso ng kamag-anak, na nagpahiwatig na kahit naipatupad na ang LETCSA, may pangangailangang pahasayin ang mga kasanayan sa King County.<sup>29</sup>



May narinig ang mga kamag-anak ni Anthony Chilcott tungkol sa pamamaryl ng pulis at naghinala sila na sangkot ang kanilang mahal sa buhay na si Chilcott. Nakipag-ugnayan sila sa mga 911 dispatcher na limitado lang ang ibinigay na impormasyon. May mga ipinabatid na alalahanin ang pinsan ni Chilcott tungkol sa kalusugan ng pag-iisip ng ina ni Chilcott at hiniling niya na pasamahan sa isang kamag-anak ang ina ni Chilcott sa oras na sabihin sa kanya ang pagkamatay ni Chilcott. Gayunpaman, hindi malinaw kung naipabatid ang impormasyong ito sa Tanggapan ng Medikal na Tagasuri ng King County, na siyang nagsabi sa ina ni Chilcott na pumanaw ang kanyang anak. Kalaunan ay nalaman ng OLEO at ng Tanggapan ng Sheriff na nadismaya ang ina ni Chilcott na walang sinuman mula sa Tanggapan ng Sheriff na paunang nakipag-ugnayan sa kanya.

Sinuri ng OLEO ang database ng Tanggapan ng Sheriff, ang IAPro, na sumusubaybay sa lahat ng record na nauugnay sa paggamit ng puwersa, mga kritikal na insidente, at internal na pag-iimbestiga ng hindi katanggap-tanggap na gawi, para maunawaan ang mga trend sa timing at paraan ng pakikipag-ugnayan ng Tanggapan ng Sheriff sa mga sangkot na panig sa mga kritikal na insidente at ang mga aspetong puwede pang pahasayin. Mula sa mga file ng kaso ng IAPro, walang nakita ang OLEO na consistent na pamantayan sa pagdodokumento ng pag-abiso ng kamag-anak sa mga kritikal na insidente sa panahon ng pagsusuri (na idinedetalye sa **Appendix I**). Sa 20 insidenteng sinuri, apat na kaso ang may dokumentasyon ng pormal na pag-abiso ng kamag-anak. Mistulang para sa iisang kaso (ART2019-003) lang nag-abiso ang Tanggapan ng Sheriff, at mga hiwalay na imbestigador ang gumawa sa tatlong iba pang abiso. Ang pagkakataon kung saan nag-abiso ang Tanggapan ng Sheriff ay isang pagkamatay habang nasa kustodiya na hindi resulta ng puwersang ginamit ng deputy ng Tanggapan ng Sheriff, kaya hindi ito magpapasimula ng hiwalay na imbestigasyon.<sup>30</sup> Sa ganitong sitwasyon, ayon sa mga dokumento, nakipag-ugnayan ang Tanggapan ng Sheriff sa kamag-anak pagkatapos may makarating sa mga imbestigador na may hindi kilalang third party na sumusubok na pumasok sa tirahan ng pumanaw na indibidwal.<sup>31</sup>

Dalawang kaso (ART2020-006 at ART2020-008) ang may kasamang kumpletong ulat mula sa hiwalay na imbestigador na family liaison na nagdodokumento sa komunikasyon sa pagitan ng mga imbestigador at kamag-anak. Alinsunod sa batas ng estado,<sup>32</sup> nire-record ng mga ulat na ito ang pakikipag-ugnayan ng family liaison sa kamag-anak, ang pag-aalok niya ng mga serbisyo ng chaplain, ang pagbibigay niya ng background tungkol sa mga pamamaraan sa mga hiwalay na imbestigasyon, at ang pagbibigay niya ng mga regular na update at pagkakataon para masuri ang mga lingguhang pahayag sa media bago ipamahagi ang mga ito.

## Pag-abiso sa Publiko

Para mas maunawaan kung paano nalaman ng publiko ang tungkol sa mga pangyayaring ito, sinuri ng OLEO ang pakikipag-ugnayan sa publiko (mga pahayag sa media, salaysay mula sa Sheriff, atbp.) na nauugnay sa mga insidenteng ito na nakolekta sa pamamagitan ng paghahanap ng keyword sa internet at paghiling ng pormal na record. May malaking inconsistency sa mga kasanayan ng Tanggapan ng Sheriff sa pakikipag-ugnayan sa publiko para sa mga insidenteng ito. Hindi nakapag-abiso ang Tanggapan ng Sheriff sa siyam sa 20 sinuring insidente. Sa nasabing 20 insidente, anim lang na pahayag sa media na isinulat ng Tanggapan ng Sheriff ang nakuha ng OLEO (tingnan ang **Appendix I** para sa detalye). Hindi madaling i-access ang lahat ng ito; may ilang nakukuha lang sa pamamagitan ng paghiling ng record mula mismo sa Tanggapan ng Sheriff. Puwedeng ang ibig sabihin nito ay walang inilabas na pahayag sa media tungkol sa mga natitirang residente ang Tanggapan ng Sheriff o hindi na available ang mga record na iyon. Bukod pa rito, may mga ipinabatid ang OLEO na alalahanin tungkol sa nasa oras na pagsasapubliko ng video footage ng mga kritikal na insidente o pagkilalang may ganoong footage at kung bakit hindi ito puwedeng ilabas.<sup>33</sup> Halimbawa, hindi kailanman ipinabatid ng Tanggapan ng Sheriff sa publiko na may video footage ng nakamamatay na pamamaril ng mga deputy noong Abril 14, 2022, at hindi rin nila iginiit sa IIT na ilabas ito kahit noong wala nang pagtutol mula sa Tanggapan ng Tagausig, at hindi nito inilabas ang video noong natapos na ang hiwalay na imbestigasyon.<sup>34</sup>



# Pinakamahuhusay na Kasanayan

Inilalarawan ng seksyong ito ang pinakamahuhusay na kasanayan sa pakikipag-ugnayang may pagkilala sa trauma kaugnay ng mga kritikal na insidente na napag-alaman sa mga pananaliksik na lathalain at sa pamamagitan ng pag-interview ng mga eksperto sa larangan ng mga karapatang sibil, akademya, batas, kalusugan ng pag-iisip, at pagsusulong ng biktima.<sup>35</sup> May dalawang katagorya ang mga napag-alamang ito na nagdedetalye sa pinakamahuhusay na kasanayan sa pag-abiso para sa: (1) mga mahal sa buhay ng nagtamo ng pinsala o napatay ng mga tagapagpatupad ng batas, at (2) publiko. May ilang elemento ang mga kasalukuyang kasanayan ng Tanggapan ng Sheriff na naaayon sa napag-alaman ng OLEO sa aming pananaliksik; tinutugunan ang mga aspetong puwede pang pahasayin sa seksyon ng mga rekomendasyon sa ibaba.

## Pag-abiso ng Kamag-anak

Ang pagpapabatid sa pagkamatay ng isang mahal sa buhay ay isang kritikal na sandali na puwedeng makatulong sa kamag-anak na maghilom o kaya ay magpalala sa kanilang trauma.<sup>36,37</sup> Bagama't natatangi ang mga pangangailangan ng bawat kamag-anak at ang mga pagsubok sa bawat sitwasyon, ibinabalangkas ng seksyong ito ang mga napag-alaman sa pananaliksik ng pinakamahuhusay na kasanayan para sa pag-abiso nang may pagkilala sa trauma.



## Sino ang dapat mag-abiso?

***Buod: Nagpapakita ang pananaliksik ng iba't ibang opinyon sa pakikibahagi ng mga tagapagpatupad ng batas sa pag-abiso, pero may consensus na palagi dapat may kasamang propesyonal na hindi tagapagpatupad ng batas na may pagkilala sa trauma na tutulong sa paghahatid ng hindi magandang balita sa kamag-anak ng pumanaw o nagtamo ng seryosong pinsala dahil sa mga tagapagpatupad ng batas.***

Iba-iba ang naging opinyon ng mga ekspertong na-interview ng OLEO tungkol sa kung sino ang dapat magpabatid ng balita na napatay ng o nagtamo ng pinsala mula sa mga tagapagpatupad ng batas ang isang mahal sa buhay. Maraming nagsasabing bahagya lang dapat o huwag nang makibahagi ang mga tagapagpatupad ng batas, at madalas ay sinasabi nilang kailangan ng mas malalim na pagsasanay na may pagkilala sa trauma.<sup>38</sup> Kung may makikibahaging tagapagpatupad ng batas, inirerekomenda ng mga eksperto na may kasama dapat sila na propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip na may kabatiran sa kultura at pagkilala sa trauma.<sup>39</sup> Dahil puwendeg magdulot ng higit pang trauma sa kamag-anak ang pakikipag-ugnayan sa mga tagapagpatupad ng batas—lalo na sa mga komunidad na dati nang nakaranas ng kapahamakan o hindi naaangkop na pakikitungo mula sa mga tagapagpatupad ng batas—inirekomenda ng ilang interviewee na neutral na third party, na nagsanay sa komunikasyong may pagkilala sa trauma, gaya ng hiwalay na imbestigador, family liaison, chaplain, o civilian responder ang mag-abiso. Sinabi rin ng<sup>40</sup> isang eksperto na puwedeng makatulong na magkaroon ng mga indibidwal na pareho ng kasarian, o background sa lahi at/o kultura ng ginamitan ng puwersa at/o kamag-anak para mapadali ang pakikipag-ugnayan.<sup>41</sup>

**Sino ang dapat mag-abiso?**  
*ipinagpatuloy*

Ayon sa mga eksperto, gusto ng ilang miyembro ng komunidad na makibahagi ang mga tagapagpatupad ng batas sa pagbibigay ng regular na update sa mga kamag-anak sa kabuuan ng proseso ng imbestigasyon.<sup>42</sup> Isinaad ng isang interviewee na puwedeng makatulong ang mga restorative justice circle<sup>43</sup> o proseso ng mediation kung gusto ng mga apektadong ginamitan ng puwersa at/o kamag-anak na makibahagi.



Mabigat ang responsibilidad na mag-abiso tungkol sa pagkamatay, at malalantad ang team para sa pag-abiso sa stress at vicarious trauma. Para mabawasan ang stress at vicarious trauma na puwedeng magmula sa paghahatid ng hindi magandang balita at pagiging saksi sa trauma ng kamag-anak, nagrerekomenda ang Departamento ng Hustisya ng U.S. at ang iba pa ng malinaw na patakaran ng departamento, sapat na paghahanda, at suporta sa team para sa imbestigasyon, at pagkakaroon ng hindi bababa sa dalawang tao na present para ipabatid ang abiso.<sup>44</sup> Kung may dalawang present na miyembro, magagawa ng isang tao na pagserbisyuhan ang pangunahing communicator at ipabatid sa isa pang tao na mag-ingat sa paligid, maghanda para sa emosyon ng kamag-anak, at magbigay ng emotional na suporta para sa kanilang mga kasamahan.<sup>45,46</sup>

**Kailan dapat ibigay ang abiso?**

***Buod: Dapat maabisuhan ang kamag-anak sa pinakamaagang posibleng sandali.***

Malinaw ang lathalain na dapat abisuhan ang kamag-anak sa lalong madaling panahon kasunod ng iisang insidente, at dapat ipagpaliban ang paglalabas ng anumang impormasyon sa media hangga't walang naaabisuhang kamag-anak.<sup>47,48,49</sup> Subok na at kinikilala ang agarang abiso. Noong 1990, naglabas ang United Nations ng gabay para “matiyak na maaabisuhan ang mga kamag-anak o malapit na kaibigan ng nagtamo ng pinsala o apektadong tao tungkol sa mga nasabing pinakamaagang posibleng sandali.<sup>50</sup>

Sumang-ayon ang mga na-interview naming eksperto, at sinabi nilang dapat gawin ang abiso sa lalong madaling panahon para matiyak na hindi malalaman ng isang kamag-anak ang tungkol sa pagkamatay o seryosong pinsala sa pamamagitan ng media.<sup>51</sup> Ang agarang pagbibigay ng impormasyon ay kasinghalaga ng pagtiyak na tama ang ibinabahagi, kaya isinulat ng mga interviewee na dapat balansehin ng team sa pag-abiso ang dalawang priyoridad na ito. at maging malinaw, direkta, at matapat sa pagpapabatid kapag hindi pa alam ang mga detalye ng isang insidente.<sup>52</sup> Isinaad ng mga interviewee na nagsalita tungkol sa mga karanasan ng mga nakatrabaho nila na nagkakaroon ng mga positibong encounter sa mga tagapagpatupad ng batas kapag pakiramdam ng kamag-anak ay updated siya.<sup>53</sup>

## Paano dapat ibigay ang abiso?

***Buod: Dapat iangkop ang pag-abiso sa mga natatanging pangangailangan ng mga taong tumatanggap ng balita at dapat i-follow up ang mga ito para sa mga referral sa mga resource sa komunidad para magbigay ng karagdagang suporta.***



Posibleng kailanganin ng mga ginamitan ng puwersa at kamag-anak ng iba't ibang suporta para matugunan ang mga pisikal, emotional, legal, at panlipunang kinahinatnan ng isang kritikal na insidente. Para matiyak ang kabatiran sa kultura at versatility para sa mga partikular na grupo, mahalagang magbigay ng pagsasanay at isaalang-alang ang mga natatanging pangangailangan at pananaw ng mga diverse na komunidad na pinagseserbisyuhan ng ahensya para sa pagpapatupad ng batas.<sup>54</sup> Dapat mangalap ang team para sa pag-abiso ng impormasyon tungkol sa mga survivor at kamag-anak at dapat nilang iangkop ang kanilang pamamaraan sa pag-abiso. Halimbawa, kung nakatatanda o may mga kundisyon sa pangangatawan o pag-iisip ang kamag-anak na posibleng maapektuhan ng pagtanggap ng hindi magandang balita, mainam na gumamit ang team para sa pag-abiso ng mga propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip o pang-emergency na medikal na serbisyo o dapat nilang tiyakin na may iba pang mahal sa buhay kapag inihatid nila ang balita.<sup>55</sup>

### ***Inirekomenda ng karamihan ng mga source na na-interview namin na ang pag-abiso tungkol sa pagkamatay ay:***

- Sa personal lang dapat gawin at panghuling opsyon dapat ang pag-abiso sa pamamagitan ng telepono.
- Gawin kapag may kasama<sup>56</sup> ang kamag-anak pero walang bata sa paligid.<sup>57</sup>
- Gawin nang nakasuot ng plain na damit (hindi nakauniporme).<sup>58</sup>
- Gumamit sa pangalan ng pumanaw na indibidwal at hindi gumamit ng mga parirala gaya ng “subject,” “suspek,” “ang katawan,” o “labi.”
- Maging malinaw at gumamit ng mga pahayag gaya ng “Ikinalulungkot kong sabihin, pero pumanaw na ang iyong mahal sa buhay” sa halip na mga pangkalahatang pahayag gaya ng “yumao” “wala na,” o “hindi na natin kasama” na puwedeng magdulot ng pagkalito.<sup>59</sup>
- Idetalye ang insidente hangga’t posible para masagot ang mga tanong ng kamag-anak.
- Maging malinaw sa impormasyong puwede at hindi puwedeng ilabas sa panahon ng paunang imbestigasyon.<sup>60, 61, 62</sup>
- Huwag pagtuunan ang anumang pagkakamali o pangangatwiran ng mga pagkilos ng mga tagapagpatupad ng batas dahil ide-dehumanize at iki-criminalize lang nito ang biktima.
- Iwasan ang salitang closure. Bagama’t hindi mapanakit ang mismong salita, puwede itong makasama kapag ginamit bilang katwiran para sa pagkumpleto ng isang proseso.<sup>63</sup>
- Pag-isipang gumamit ng hindi pasalitang komunikasyon. Sa ilang kultura, madalas ay mas malaki ang epekto ng body language at pagtingin sa mata kaysa sa mga salita sa pagpapahayag ng sarili.<sup>64</sup>
- Gumamit ng mga interpreter o translator para matiyak na may patas na access at epektibong komunikasyon.<sup>65</sup>

## Paano dapat ibigay ang abiso?

*ipinagpatuloy*

Alam dapat ng mga mag-aabiso sa kamag-anak na, pagkatapos makatanggap ng traumatic na balita, posibleng hindi magawa ng mga tao na magproseso ng karagdagang impormasyon o hindi nila matandaan ang ilang bagay. Maraming source ang nagrekomendang mag-iwan sa kamag-anak ng mga resource, nakasulat na impormasyon, o pamphlet tungkol sa mga proseso at susunod na hakbang, at point of contact sa departamento para sa karagdagang follow-up.<sup>66,67</sup> Madali dapat i-access ang anumang nakasulat na materyales para sa iba't ibang antas ng literacy at dapat itong gawing available sa pangunahing wika ng indibidwal.<sup>68</sup>



Bukod pa rito, binigyang-diin ng lahat ng interviewee ang kahalagahan ng aktibong pagbibigay ng referral sa mga resource sa komunidad para sa suporta sa kalusugan ng pag-iisip at serbisyong panlipunan. Isinaad ng mga interviewee na<sup>69</sup> madalas ay hindi madaling makahanap ng mga resource na partikular sa mga kritikal na insidente, dahil hindi idinisenyo ang karamihan ng mga pansuportang resource sa biktima para sa kamag-anak at survivor ng karahasan ng pulisya at sa halip ay para ito sa mga biktima ng interpersonal na karahasang hindi kinagsasangkutan ng mga tagapagpatupad ng batas gaya ng karahasan sa bahay, sekswal na pag-atake, at pang-aabuso ng bata. Kung magreresulta sa seryosong pinsala, pero hindi sa pagkamatay, ang isang kritikal na insidente, isinaad ng mga interviewee na mga serbisyong panlipunan ang dapat pagtuunan ng mga resource, gaya ng programa ng tulong para sa social security, may kapansanan, at iba pang programa ng tulong sa pananalapi. Makakatulong ang mga resource na ito sa mga pangunahing pangangailangan para sa access sa pagkain, pag-aalaga ng anak, at tirahan sakaling mawalan ng kita o trabaho dahil sa mga pansamantala o permanenteng pisikal na kapansanan at pati sa koordinasyon sa employer tungkol sa medikal na leave, medikal na suporta para sa pinsala sa pangangatawan, kabayaran para sa biktima ng krimen, legal na resource para sa mga proseso ng hukuman, at iba pang pansuportang serbisyo sa biktima. Kung may pagkamatay sa insidente, puwedeng magbigay ng pinansyal na suporta para tumulong sa pagpapalibing at lamay/memorial na naaangkop sa mga partikular na tradisyon sa kultura ng taong ginamitan ng puwersa. Posibleng kasama sa mga karagdagang pangangailangan ang tulong sa paghiling ng mga pampublikong record para ma-access ang footage ng camera naisinusuot sa katawan, at koneksyon sa mga lokal na komunidad para sa adbokasiya na nagbibigay ng mga oportunidad para sa paghilom sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga pagsisikap sa aktibismo. Dapat iwasan ng team para sa pag-abiso na ipagpalagay ang mga indibidwal na pangangailangan ng mga taong ginamitan ng puwersa at dapat ay magtanong sila sa apektadong kamag-anak para matiyak na mayroon silang access sa mga resource na pinakanaaangkop na suportahan sila.<sup>70</sup>

**Paano pinapangasiwaan ng mga departamento para sa pagpapatupad ng batas ang pag-abiso ng kamag-anak tungkol sa mga kritikal na insidente?**

***Buod: Ang karamihan ng mga departamento ay walang patakaran sa pag-abiso ng kamag-anak kasunod ng isang kritikal na insidente. Gayunpaman, kapag may naaangkop na gabay na patakaran, naaayon ito sa pinakamahuhusay na kasanayan na nasa oras, magalang, at malinaw na komunikasyon na gumagamit ng mga tagapagpatupad ng batas at propesyonal na hindi tagapagpatupad ng batas.***



Sinuri ng OLEO ang mga patakaran mula sa walong peer na ahensya para sa pagpapatupad ng batas sa Washington at walong iba pa sa buong Estados Unidos.<sup>i</sup> Sa pangkalahatan, walang malinaw na protocol para sa pakikipag-ugnayan sa kamag-anak ang karamihan ng mga patakaran ng departamento kasunod ng isang kritikal na insidente. Gayunpaman, naging kapansin-pansin ang Kawanihan ng Pulisya ng Portland (Oregon) sa pagkilala sa traumatic na epekto ng paggamit ng puwersa ng mga tagapagpatupad ng batas sa mga kamag-anak at komunidad na napapailalim sa kanilang patakaran sa nakamamatay na puwersa, sa pagsasabing:

**“Nauunawaan din ng Kawanihan ang epekto ng mga traumatic na insidenteng ito [sic] sa mga pamilya at komunidad ng mga taong ginamitan ng nakamamatay na puwersa at kinikilala nito ang pangangailangang maging sensitibo sa pagsasagawa sa kinakailangang imbestigasyon. Isasagawa ang lahat ng interview at pakikipag-usap sa mga kapamilya at miyembro ng komunidad sa paraang naglalayong maging magalang habang binabalanse ang pangangailangang makakuha ng kritikal na impormasyon.”<sup>71</sup>**

**– Kawanihan ng Pulisya ng Portland (Oregon)**

Bukod pa rito, may gabay na patakaran ang Pamublikong Kawanihan ng Portland (Oregon) na partikular na para sa mga mensahe tungkol sa pagkamatay.<sup>72</sup> Naaangkop ang patakaran sa “anumang mensaheng nauugnay sa pagkamatay o seryosong pinsala.” Nililina ng patakaran na responsibilidad ng Medikal na Tagasuri na abisuhan ang kamag-anak [sic] sa tuwing kinakailangang mag-imbetiga ng pagkamatay alinsunod sa batas pero kinikilala rin niyang puwedeng magpatulong sa departamento ng pulisya sa pag-abiso sa mga emergency na sitwasyon. Sa mga sitwasyon kung saan walang legal na isyu kapag nakibahagi ang departamento, aatasan ang departamento na “ibigay ang serbisyong ito sa komunidad sa paraang makatao at may malasakit.” Nagpapatuloy ang patakarang ito sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga pamamaraan para sa pagtulong sa Medikal na Tagasuri sa pag-abiso, mga kahilingan mula sa mga panlabas na ahensya para sa pag-abiso, at pag-abiso sa mismong tagpo:

<sup>i</sup> Kasama sa mga sinuring departamento sa Washington ang: Departamento ng Pulisya ng Bellevue, Departamento ng Pulisya ng Federal Way, Departamento ng Pulisya ng Kent, Departamento ng Sheriff ng Pierce County, Departamento ng Pulisya ng Seattle, Departamento ng Pulisya ng Spokane, Departamento ng Pulisya ng Tacoma, at Departamento ng Pulisya ng Tukwila. Kasama sa mga sinuring pambansang ahensya ang: Departamento ng Pulisya ng Cambridge (Massachusetts), Departamento ng Pulisya ng Dallas (Texas), Departamento ng Pulisya ng Frederick (Maryland), Departamento ng Sheriff ng Los Angeles County (California), Metro Police Department ng Louisville (Kentucky), Departamento ng Pulisya ng New Orleans (Louisiana), Departamento ng Pulisya ng New York (New York), at Kawanihan ng Pulisya ng Portland (Oregon).

## Paano pinapangasiwaan ng mga departamento para sa pagpapatupad ng batas ang pag-abiso ng kamag-anak tungkol sa mga kritikal na insidente? *ipinagpatuloy*



“Mahalagang sa personal maabisuhan ang pamilya o may naka-stand by na miyembro sa pag-abiso sa pamamagitan ng telepono ng ahensya. Sa pamamagitan nito, matatasa ng miyembro ang mga naaangkop na serbisyong posibleng kailanganin ng pamilya. Sa pag-abiso ng mag pamilyang hindi nagsasalita ng Ingles, mahalagang may mga serbisyo sa pagsasalin na handa at puwedeng tumulong. Puwedeng makatulong ang mga boluntaryong chaplain sa mga miyembrong humaharap sa mga nagluluksang pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga miyembro ng kalayaang mag-focus sa iba pang agarang function ng pulisya habang nakikipagtulungan ang gma chaplain sa pamilya...Dahil puwedeng iba-iba ang maging reaksyon kapag nagluluksa, mula sa walang reaksyon hanggang sa matinding emosyon at pati karahasan, kaligtasan ng pangunahing priyoridad. Ang pinakamalaking responsibilidad para sa tagpo ng imbestigasyon ng pagkamatay ay nasa Abogado ng Distrito at [Medikal na Tagasuri] para sa county.”

– *Kawanihan ng Pulisya ng Portland (Oregon)*

Kinikilala ng pulisya na puwedeng magkaroon ang mga pamilya ng iba’t ibang reaksyon at hinihikayat nilang maging flexible at isaalang-alang ang mga kahilingan ng mga kapamilya gaya ng pagtingin sa katawan sa tagpo, paghingi ng mga detalye tungkol sa insidente at imbestigasyon, at pag-access ng mga personal na ari-arian. Ang Kawanihan ng Pulisya ng Portland (Oregon) ay mayroon ding malawak na patakaran sa pakikipag-ugnayan sa media at kapaki-pakinabang na seksyon sa web page ng Kawanihan ng Pulisya ng Portland (Oregon) na nag-a-archive sa lahat ng resource sa media.<sup>73,74</sup>

Noong 2018, nagbigay ang Komisyon para sa Pagsubaybay ng Sibilyan ng Sheriff ng Los Angeles County ng mga rekomendasyon para mapahusay ang pakikipag-ugnayan ng county sa mga pamilya at komunidad kasunod ng paggamit ng nakamamatay na puwersa o pagkamatay habang nasa kustodiya.<sup>75</sup> Sa mga isyung natukoy sa kasanayan ng Los Angeles County, kasama ang hindi sapat na komunikasyon sa mga pamilya, opisyal na mensahe mula sa departamento na nagsi-stereotype o naglalarawan sa pumanaw na mahal sa buhay bilang miyembro ng gang, at hindi magalang na treatment sa katawan ng pumanaw na mahal sa buhay. Isinaad ng ulat na kadalasan, walang kakayahan ang mga pamilya ng mga taong napatay o seryosong napinsala ng mga tagapagpatupad ng batas na mag-access ng mga programa para sa tulong sa mga biktima para sa pambayad ng pagpapagamot o pagpapalibing. Inirekomenda ng komisyon na gumawa ng multidisciplinary na team para i-centralize ang komunikasyon at suportahan ang mga pamilya, mga pagsasanay na may pagkilala sa trauma para sa mga tauhan ng departamento, paggawa ng pamphlet na partikular na nagbabalangkas sa mga available na resource, at higit pa.

May mga patakaran ang ilang departamento sa pag-abiso tungkol sa pagkamatay na hindi naaangkop sa mga insidenteng gumagamit ng puwersa. Halimbawa, parehong nililimitahan ng Departamento ng Sheriff ng Pierce County at ng Departamento ng Pulisya ng Tukwila ang paglalabas ng impormasyong nagbibigay ng pagkakakilanlan ng mga pumanaw na indibidwal hangga’t hindi naaabisuhan ang kamag-anak.<sup>76</sup> Isinasaad naman ng patakaran ng Departamento ng Pulisya ng Bellevue na ang pag-abiso ng kamag-anak ay “responsibilidad, sa pangkalahatan, ng Tanggapan ng Medikal na Tagasuri, pero dapat itong isaayos sa kanilang tanggapan para maiwasan ang mga pagkakamali o pagkalito” Sinasabi ng departamento na sa personal dapat mag-abiso, at dapat ay “subukan ng mga miyembro na tukuyin ang epekto ng pag-abiso at ibigay ang mga kinakailangang pansuportang resource gaya mga kamag-anak, kaibigan, at/o kaparian.” Bukod pa rito, isinasaad ng patakaran na dapat sikapin ng mga opisyal na magbahagi ng mga pansuportang serbisyo sa kamag-anak kung kinakailangan.<sup>77</sup>

**Paano pinapangasiwaan ng mga departamento para sa pagpapatupad ng batas ang pag-abiso ng kamag-anak tungkol sa mga kritikal na insidente?**  
*ipinagpatuloy*

May ilang mahalagang probisyon ang Departamento ng Pulisya ng Seattle sa kanilang patakaran sa paggamit ng puwersa na nagsusulong ng mga aspeto ng pakikipag-ugnayang may pagkilala sa trauma; kinikilala ng dalawang probisyon ang negatibong epekto ng paggamit ng puwersa, at binibigyan ng mga ito ang mga opisyal ng kakayahang bawasan ang epektong iyon. Inaatasan ng patakaran ang mga opisyal na ipaliwanag ang mga isinasagawa nilang pagkilos sa mga taong nakakaugnayan nila kung naaangkop at mag-follow up sa mga kapitbahay o pamilya kasunod ng paggamit ng puwersa para ipaliwanag ang mga naging aksyon ng pulisya at magbigay ng pagkakataong magpabatid ng anumang alalahanin o makinig sa feedback.<sup>78</sup> Ang Departamento ng Pulisya ng Cambridge (Massachusetts), na kinikilala sa buong bansa para sa mga patakaran sa pagpapatupad ng batas na may pagkilala sa trauma,<sup>79</sup> ay may matatag na patakarang nagsasaalang-alang ng mga prinsipyong may pagkilala sa trauma sa pagsuporta ng mga opisyal kasunod ng pamamaril ng pulisya.<sup>80</sup> Ang karamihan sa mga salitang ginagamit nila sa patakarang ito ay naaangkop din sa mga traumatized na pamilya.



Ang Departamento ng Pulisya ng Frederick (Maryland) ay nagbabalangkas ng mga partikular na protocol para sa pag-abiso tungkol sa pagkamatay sa mga kasong nangangailangan ng hiwalay na imbestigasyon. Halimbawa, ayon sa patakaran, “kung may insidenteng kinasasangkutan ng pulisya na magresulta sa pagkamatay ng isang sibilyan o sa mga pinsalang malamang ay magresulta sa pagkamatay, mga tauhan ng [hiwalay na imbestigasyon] ang mag-aabiso sa kamag-anak [sic] pamilya ng pumanaw na indibidwal. Sa pagpapasya ng [mga hiwalay na imbestigador], magagawa ng isang kinatawan mula sa lokal na [ahensya para sa pagpapatupad ng batas] na samahan ang mga tauhan ng [hiwalay na imbestigasyon] sa pag-abiso sa [sic] kamag-anak.” Nililina ng patakarang ito na mga hiwalay na imbestigador ang itinalagang pangunahing point of contact ng pamilya sa kabuuan ng imbestigasyon.<sup>81</sup>

**Pag-abiso sa Publiko**

Kapag transparent ang isang ahensya kasunod ng isang kritikal na insidente, lumalaki ang tiwala at nabibigyang-linaw ang publiko. Tinatalakay ng seksyong ito ang pananaliksik sa kung anong impormasyon ang dapat isapubliko at kung paano ito gagawin sa paraang may pagkilala sa trauma.



**Anong mga abiso ang dapat ibigay?**

***Buod: Sa loob ng ilang oras, dapat mailabas sa publiko ang mga pangunahing detalye ng isang insidente at, sa mga susunod na araw, dapat ay aktibong ilabas ang karagdagang nauugnay na impormasyon gaya ng video footage nang may koordinasyon sa kamag-anak at mga imbestigador.***

Ang paglalabas ng kahit pangunahin lang na impormasyon sa loob ng ilang oras pagkatapos ng insidente at ng mga regular na update kasabay ng imbestigasyon ay isang gabay na prinsipyo para sa mga kasanayan sa pag-abiso.<sup>82, 83, 84</sup> Sa ulat nito para sa OLEO, isinaad ng Brechner Center ang pagkakaiba ng proactive at reactive na paglalabas ng impormasyon, at sinabi nitong puwedeng makuha ang tiwala ng komunidad sa proactive na paghahayag, at mabigyang-daan nito ang ahensya na hindi magpatotoo ng mga bulung-bulungan o maling impormasyon.<sup>85</sup> Ang isang malaking

## Anong mga abiso ang dapat ibigay? *ipinagpatuloy*

isyu sa lathalain ay ang timing ng paglalabas sa footage ng camera na isinusuot sa karawan at mga katulad na materyales (mga recording ng 911, surveillance footage, atbp.). Nagkasundo ang isang malaking koalisyon ng mga grupo para sa mga karapatang sibil sa rekomendasyong kung may camera na isinusuot sa karawan o iba pang video footage ng insidente, dapat isapubliko ang footage at ilabas lang ito pagkatapos makipag-ugnayan sa kamag-anak, na magbibigay sa kanila ng pagkakataong suriin ang footage, at magsagawa ng mga naaangkop na hakbang para matugunan ang mga alalahanin sa privacy.<sup>86</sup> Isinaad ng OLEO ang posisyon nito na dapat ilabas ang footage ng mga kritikal na insidente sa loob ng 72 oras nang may bihirang pagbubukod.<sup>87</sup>



## Paano dapat ibigay ang mga abiso?

***Buod: Ang pag-abiso sa publiko tungkol sa isang kritikal na insidente ay dapat gawin sa transparent at sensitibong paraan nang gumagamit ng mga neutral na salita.***

Dapat ay mag-ingat at tiyaking mga nakukumpirmang detalye lang ang ilalabas<sup>88</sup> at iwasang maglabas ng maling impormasyon, na masyado nang naging pangkaraniwan kasunod ng mga pamamaril ng pulisya sa buong U.S.<sup>89</sup> Kung hindi maisasapubliko ang impormasyon, dapat ay ipabatid sa publiko, maging transparent, at suportahan ng paliwanag ang pagpapasya.<sup>90</sup> Halimbawa, kung hindi isasapubliko ng County ang video footage ng isang insidenteng gumagamit ng puwersa para sa mga dahilang nauugnay sa privacy, dapat mag-isyu ang Tanggapan ng Sheriff ng pampublikong pahayag na nagbabanggit sa nauugnay na seksyong RCW 42.56.240—na naglalahad sa mga kinakailangan para sa mga pampublikong record na nauugnay sa pagpapatupad ng batas—at dapat nilang ipaliwanag sa publiko ang dahilan ng hindi paglalabas. Inirekomenda ng mga karagdagang resource na magpadala ang mga stakeholder ng mga mensaheng kumikilala sa pagkawala ng buhay o pinsala at naglalayong panatilihin ang dignidad ng lahat ng sangkot.<sup>91</sup>

Sa pangkalahatan, kinikilala ang social media bilang instrumentong magagamit ng mga tagapagpatupad ng batas sa direktang pakikipag-ugnayan sa publiko, pagkuha sa sentimento ng komunidad, at higit pang transparency.<sup>92</sup> Pero kinikilala rin ng mga source na kapag mali ang paggamit ng social at ginamit ito sa pagpapakalat ng maling impormasyon, puwedeng mabawasan ang tiwala ng komunidad at ang pagiging lehitimo ng departamento.<sup>93</sup> Inirekomenda ng International Association of Chiefs of Police at ng Departamento ng Katarungan ng U.S. na hayagang pagbawalan ng mga patakaran ng departamento ang mga sangkot na pulis na mag-post o tumalakay ng insidente sa social media.<sup>94</sup>

Gaya sa pag-abiso ng kamag-anak, dapat ay isaalang-alang ng mga tagapagpatupad ng batas ang paggamit ng pasalita, nakasulat, at body language sa pakikipag-ugnayan sa publiko. Huwag gumamit ng mga salitang sumisisi sa biktima o nangangatwiran para sa mga pagkilos ng mga tagapagpatupad ng batas.<sup>95</sup> Iwasang gumamit ng jargon; halimbawa, sa halip na sabihing “nagkaroon ang pulis ng contact sa sasakyan” o na “na-discharge ng pulis ang baril niya,” gumamit ng mga simpleng salita gaya ng “lumapit ang pulis sa sasakyan at kinausap niya ang indibidwal” o “pinaputok ng opisyal ang kanyang baril.”<sup>96</sup>

**Paano pinapangasiwaan ng iba pang departamento para sa pagpapatupad ng batas ang pag-abiso sa publiko tungkol sa mga kritikal na insidente?**

*Buod: May mga patakaran ng departamento na nagtatakda ng malilina na protocol para sa paglalabas ng pampublikong impormasyon kasunod ng isang kritikal na insidente na may mga partikular na timeline, nakatalagang tungkulin at responsibilidad, at alituntunin para sa impormasyong puwede at hindi puwedeng ilabas. Ang isa pang kasanayan ng peer na ahensya ay gumawa ng clearinghouse na titiyak na madaling maa-access at mana-navigate ng publiko ang impormasyon at data tungkol sa mga kritikal na insidente.*



Sinuri ng OLEO ang mga manual ng departamento ng mga ahensya para sa pagpapatupad ng batas para ma-survey ang kasalukuyang kasanayan sa Washington at sa buong bansa.<sup>j</sup> Ibinabalangkas ng sumusunod na seksyon ang mga natatanging salita ng patakaran mula sa mga patakaran para sa pahayag sa media at kritikal na insidente.

Natatangin ang Departamento ng Pulisya ng Seattle sa pagkakaroon ng buong kabanata sa manual ng patakaran na nakalaan sa mga protocol para sa pakikipag-ugnayan sa media kasunod ng isang pamamaril na kinasasangkutan ng isang pulis.<sup>97</sup> Kasama sa patakaran ng Seattle ang pag-isyu ng pahayag batay sa mga detalye, pagbabawal sa paglalabas sa kasaysayan ng krimen ng subject nang may ilang pagbubukod, at paglalabas sa nauugnay na footage at mga pangalan ng mga sangkot na pulis sa loob ng 72-oras.

1. Mag-iisya ang Departamento ng Pahayag sa Lalong Madaling Panahon para Ipabatid sa Publiko ang Timeline at Proseso ng Imbestigasyon
2. Batay sa Mga Detalye at Walang Paunang Panghuhusga ang Impormasyong Ilalabas ng Departamento Hindi ikokompromiso ng Departamento ang timeline ng imbestigasyon para mapabilis ang paglalabas ng impormasyon.
3. Isinasaayos ng Unit para sa Ugnayan sa Publiko ang Paglalabas sa Impormasyong Nauugnay sa Pamamaril na Kinasasangkutan ng Pulis (Officer-Involved Shootings, OIS) ayon sa Pag-apruba ng Hepe ng Pulisya o ibibigay ng Mga Nakatalagang Unit para sa Imbestigasyon ang lahat ng nauugnay na impormasyon sa Unit para sa Ugnayan sa Publiko.
4. Maliban na Lang Kung Iba ang Iniaatas ng Batas, Hindi Ilalabas ng Departamento ang Kasaysayan ng Krimen ng Subject, Maliban na Lang Kung Nauugnay Ito sa Insidente at Alam Ito ng (Mga) Sangkot na Pulis Bago ang Engagement
5. Sa Loob ng 72 Oras Pagkatapos ng Isang OIS, Ilalabas ng Departamento ang Mga Pangalan ng Mga Opisyal na Nag-discharge ng Baril, na Walang Exigent na Sitwasyon

*ipinagpatuloy*

<sup>j</sup> Kasama sa mga sinuring departamento sa Washington ang: Departamento ng Pulisya ng Bellevue, Departamento ng Pulisya ng Federal Way, Departamento ng Pulisya ng Kent, Departamento ng Sheriff ng Pierce County, Departamento ng Pulisya ng Seattle, Departamento ng Pulisya ng Spokane, Departamento ng Pulisya ng Tacoma, at Departamento ng Pulisya ng Tukwila. Kasama sa mga sinuring pambansang ahensya ang: Departamento ng Pulisya ng Cambridge (Massachusetts), Departamento ng Pulisya ng Dallas (Texas), Departamento ng Pulisya ng Frederick (Maryland), Departamento ng Sheriff ng Los Angeles County (California), Metro Police Department ng Louisville (Kentucky), Departamento ng Pulisya ng New Orleans (Louisiana), Departamento ng Pulisya ng New York (New York), at Kawanihan ng Pulisya ng Portland (Oregon).

## Paano pinapangasiwaan ng iba pang departamento para sa pagpapatupad ng batas ang pag-abiso sa publiko tungkol sa mga kritikal na insidente? *ipinagpatuloy*



### *ipinagpatuloy*

6. Sa Loob ng 72 Oras Pagkatapos ng OIS, Maglalabas ang Departamento ng Video na Nagbibigay ng Pangkalahatang-ideya ng Nangyari, Kung May Natukoy na Ganitong Video Kasama rito ang video na ginawa ng Departamento (in-car video (ICV), atbp.) at pribadong video (security camera ng tindahan, atbp.). Hindi lahat ng video na nauugnay sa insidente ay ilalabas ng Departamento, representative at nauugnay na sample lang ang ilalabas nito.
7. Pagbubukod: Hindi maglalabas ang Departamento ng video na puwedeng magkompromiso sa imbestigasyon.
8. Sa Loob ng 72 Oras Pagkatapos ng OIS, Maglalabas ang Departamento ng Mga Larawan ng Nauugnay na Ebidensya, Kung May Natukoy na Ganitong Ebidensya Pagbubukod: Hindi maglalabas ang Departamento ng video na puwedeng magkompromiso sa imbestigasyon.
9. Hindi Aaprubahan o Ikokondena ng Hepe ng Pulisya ang Mga Pagkilos ng Mga Pulis sa Isang OIS Hangga't Hindi Natatapos ang Proseso ng Imbestigasyon at Pagsusuri ng Departamento
10. Maliban sa Mga Limitadong Sitwasyon, Ipinagpapalagay na Puwedeng Ilabas ang Lahat ng Impormasyon sa Pagtatapos ng Imbestigasyon”

– *Departamento ng Pulisya ng Seattle*

## Paano pinapangasiwaan ng iba pang departamento para sa pagpapatupad ng batas ang pag-abiso sa publiko tungkol sa mga kritikal na insidente? *ipinagpatuloy*



Ang isang mahalagang isaalang-alang sa paggawa ng mga patakaran sa pahayag sa media ay kung proactive o reactive ba ang paglalabas ng impormasyon—kapag hiniling ng publiko, media, o iba pang pampublikong entity. Ang patakaran sa paglalabas ng pahayag sa media ng Departamento ng Pulisya ng Louisville (Kentucky) kasunod ng pamamaril ng pulisya ay kinikilala bilang isa sa mga pinaka-proactive.<sup>98</sup>

**“3.3.4 MGA PAMAMARIL NA KINASASANGKUTAN NG PULIS** Kapag may baril na kinasasangkutan ng pulis, proactive na makikipag-ugnayan ang Tanggapan para sa Ugnayan sa Media at Publiko sa mga organisasyon ng media na regular na tumatalakay sa mga aktibidad ng departamento. Kung posible, ididirekta ng commander sa lugar o ng Espesyalista para sa Impormasyon ng Publiko ang media sa isang staging area. Magsasagawa ng mga briefing at update sa media sa mga nakatalagang lugar na ito.

Ang paglalabas sa agarang impormasyon sa tagpo na nagbibigay ng pagkakakilanlan ay nakadepende sa rank, tenure, at assignment ng (mga) miyembro. Sa loob ng 24 na oras pagkatapos ng insidente (kung naaangkop), ilalabas ng Tanggapan para sa Ugnayan sa Media at Publiko ang (mga) pangalan ng miyembro.

Sa loob ng 72 oras pagkatapos ng insidente, magbibigay ang Tanggapan para sa Ugnayan sa Media at Publiko ng mga update sa media tungkol sa kasalukuyang yugto ng imbestigasyon. Sa panahong ito, ipapaliwanag ang proseso ng imbestigasyon, tutukuyin ang mga nauugnay na unit, at ibabahagi ang pangkalahatang time frame para makumpleto ang imbestigasyon.

Kapag natapos na ang imbestigasyon sa insidente, maglalabas sa publiko ng buod ng imbestigasyon pagkatapos ng insidente. Puwedeng gamitin ng Tanggapan para sa Ugnayan sa Media at Publiko ang website ng departamento, mga tradisyonal na media outlet, at/o social media para ilabas ang buod ng imbestigasyon.

Kapag hiniling, ipapamahagi ng Tanggapan para sa Ugnayan sa Media at Publiko ang mga pahayag sa media na nauugnay sa insidente sa mga lokal na miyembro ng komunidad na nagpabatid ng alalahanin sa insidente.”<sup>99</sup>

**– Departamento ng Pulisya ng Louisville (Kentucky)**

Nagpapatuloy ang patakaran, at nagsasaad ito ng pag-aatas sa sinumang miyembro na iulat ang mga maling detalye sa mga ulat sa media para matulungan ang departamento sa mga pagsisikap nitong itama ang pagkalat ng maling impormasyon.

## Paano pinapangasiwaan ng iba pang departamento para sa pagpapatupad ng batas ang pag-abiso sa publiko tungkol sa mga kritikal na insidente? *ipinagpatuloy*



“3.3.5 KONTROL SA KALIDAD Dapat iulat ng mga miyembrong may mapapansing maling detalye sa mga ulat ng media ang mga nasabing kamalian sa lalong madaling panahon sa Tanggapan para sa Ugnayan sa Media at Publiko. Responsibilidad ng Tanggapan para sa Ugnayan sa Media at Publiko na itama ang mga kamaliang iyon kung naaangkop. Dapat ding makipag-ugnayan ang mga miyembro sa Tanggapan para sa Ugnayan sa Media at Publiko kung sa palagay nila ay hindi patas o may kinikilingan ang isang ulat sa media. Tutugunan ng Tanggapan para sa Ugnayan sa Media at Publiko ang isyu sa mga naaangkop na miyembro ng media.”

– *Departamento ng Pulisya ng Louisville (Kentucky)*

Ang Maryland ay may mga protocol na nag-aatas na magsagawa ng hiwalay na imbestigasyon sa ilang partikular na insidenteng gumagamit ng puwersa nang tulad sa Washington at nagbibigay ang Departamento ng Pulisya ng Frederick (Maryland) ng kapaki-pakinabang na halimbawa sa pagbabalanse ng pagiging independent at ng pangangailangang makipag-ugnayan sa publiko. Kinikilala ng patakaran na may pressure na mabilisang maglabas ng impormasyon at tensyon na puwedeng makaapekto sa maayos na pagkumpirma ng impormasyon para sa katumpakan, habang tinitiyak ang pagiging independent at integridad ng imbestigasyon. Para makuha ang balanseng ito, hinahayaan ng patakaranang ito na pagpasyahan ng ahensya na akunin ang responsibilidad sa paunang sagot sa media o ipasa ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa media sa mga hiwalay na imbestigador. Gayunpaman, may mga hayagang limitasyon sa paunang pahayag sa publiko ng isang sangkot na ahensya, na dapat limitahan sa mga sumusunod: “ang petsa, oras, at lokasyon ng insidente; ang uri ng tawag para sa serbisyo na nagpapunta ng mga pulis sa tagpo; impormasyon sa mga pinsalang tinamo ng sinumang nag-survive na sibilyan at/o pulis, at kung mayroon bang dinala sa ospital; kung ilang pulis ang nag-discharge ng kanilang baril; kung may nakuha o nahanap na armas sa mismong tagpo; pangunahing impormasyon [sic] tungkol sa edad, lahi, assignment sa duty, tenure, at kasalukuyang pang-administratibong status ng (mga) opisyal.”<sup>100</sup> Isinasaad ng patakaran na sa pangkalahatan, dapat ilabas ng mga hiwalay na imbestigador ang anumang footage ng camera na isinusuot sa katawan sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng insidente nang may napakalimitadong pagbubukod, at responsibilidad nilang ipabatid sa publiko ang status ng at pagkumpleto sa imbestigasyon. Ayon sa batas ng estado, mananatiling kumpidensyal ang ulat ng hiwalay na imbestigasyon hangga’t hindi nakukumpleto ang anumang kriminal na pag-uusig.<sup>101</sup>

Panghuli, may mga tinukoy ang OLEO na web page na hino-host ng mga peer na ahensya para sa pagpapatupad ng batas na handang magbigay sa publiko ng access sa data sa antas ng insidente. Ang pinakamagagandang halimbawa ay gumagamit ng mga salita at navigation na madaling maunawaan, na nagbibigay-daan sa publiko na madaling i-browse ang lahat ng available na impormasyon para sa isang partikular na insidente. Halimbawa, ang Lungsod ng Tacoma ay may web page na pinamagatang “Ang Pulisya at Ang Paggamit ng Nakakamatay na Puwersa sa Tacoma” na nagpapaliwanag sa mga pag-aatas ng estado para sa mga hiwalay na imbestigasyon, nagbabalangkas sa pang-administratibong pagsusuri para sa isang insidente, at pagkatapos ay nagbibigay ng listahan ng mga numero ng kaso, kung saan ang ilan ay tinutukoy gamit ang pangalan ng subject at lahat ng nauugnay na impormasyon kasama ang: mga pangalan ng mga sangkot na opisyal; link sa mga pahayag sa media mula sa mga hiwalay na imbestigador at pampublikong opisyal; at link sa mga pampublikong ulat, pasya sa kaso, at pang-administratibong imbestigasyon.<sup>102</sup> Mayroon ding impormasyon ang page tungkol sa kung paano makakahingi ang publiko ng access sa footage ng camera na isinusuot ng Pulisya ng Tacoma at karagdagang impormasyon tungkol sa mga kasalukuyang pagsisikap sa pagreporma ng mga tagapagpatupad ng batas. Nagbibigay ang Departamento ng Pulisya ng Dallas (Texas) ng alternatibong pamamaraan na may mga visualization ng mga trend na maraming data, habang nagbibigay rin ng mga detalye sa antas ng insidente para manatiling updated ang publiko.<sup>103</sup> Ang istruktura ng web page ay para maipaliwanag ang mga prinsipyo sa likod ng mga pasya sa patakaran at dedikasyon sa transparency. Madaling i-navigate at suriin ang format na nagli-link ng heograpikong data sa antas ng insidente at nagli-link ng mga pahayag sa media at buod ng insidente.

# Pagsusuri at Mga Rekomendasyon

## Pagsusuri

May tatlong pangunahing kategorya ng mga insidente kung saan posibleng kailanganin ng pag-abiso nang may pagkilala sa trauma: (1) paggamit ng nakakamatay na puwersa na nagreresulta sa pagkamatay o seryosong pinsala,<sup>k</sup> (2) paggamit ng hindi nakakamatay na puwersa na nagreresulta sa pagkamatay o seryosong pinsala, at (3) pagkamatay o seryosong pinsala habang nasa kustodiya kung saan walang ginamit na puwersa. Ang bawat isa sa mga sitwasyong ito ay puwedeng mangailangan ng ibang pamamaraan at partisipasyon mula sa mga karagdagang stakeholder gaya ng: mga tauhan ng ospital at medikal na propesyonal, Medikal na Tagasuri, mga hiwalay na imbestigador, propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip at para sa serbisyo sa mga biktima, atbp. At bagama't posibleng ayaw ng ilang kamag-anak na makipag-ugnayan sa ahensyang sangkot sa pagkamatay o seryosong pinsala ng kanilang mahal sa buhay, posibleng para sa ibang kamag-anak, mahalaga at kinakailangang makipag-ugnayan sa sangkot na ahensya para maunawaan ang nangyari sa kanilang mahal sa buhay.<sup>104</sup>

## Nakamamatay na Puwersa

Bukod pa rito, gaya ng nakasaad sa WAC at Mga Memorandum ng Pag-unawa (Memorandums of Understanding, MOU) sa pagitan ng Tanggapan ng Sheriff at mga IIT, may responsibilidad ang sangkot na ahensya sa pag-abiso ng kamag-anak nang tulad sa mga hiwalay na imbestigador, alinmang ahensya ang mas mabilis na makakahanap sa kamag-anak.<sup>105</sup> Bagama't hindi nakikipag-ugnayan ang Tanggapan ng Sheriff sa kamag-anak sa panahon ng hiwalay na imbestigasyon para manatili itong independent, hindi nito pinipigilan ang komunikasyon sa kamag-anak pagkatapos ng imbestigasyon.

Sa pagsusuri ng mga nakaraang kritikal na insidente, may mga pagkakataon kung saan may kamag-anak sa pinangyarihan ng insidente at puwedeng mas mabilis silang makaugnayan ng Tanggapan ng Sheriff kaysa sa mga hiwalay na imbestigador, o mga pagkakataon kung saan partikular na hinihiling ng kamag-anak na makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Sheriff.

Dapat ay malinaw na isaad ng mga protocol sa GOM ang timing at uri ng koordinasyon sa hiwalay na imbestigador na family liaison. Bukod pa rito, makakatulong ang malilina na pamamaraan at pagsasanay para mabawasan ang stress at vicarious na trauma kung saan nalalantad ang mga team para sa pakikipag-ugnayan sa pamilya kapag responsibilidad nilang maghatid ng hindi magandang balita o makipag-ugnayan sa nagluluksang kamag-anak.



<sup>k</sup> Ang mga eksaktong kundisyon na nagpapasimula ng hiwalay na imbestigasyon ay pinsala sa pangangatawan, matinding pinsala sa pangangatawan, o pagkamatay ayon sa paglalarawan sa RCW 9A.04.110.

## Hindi Nakamamatay na Puwersa

Bagama't ang mga pangangailangan para sa pakikipag-ugnayan sa kamag-anak nang may pagkilala sa trauma kasunod ng paggamit ng hindi nakakamatay na puwersang nagresulta sa pagkamatay o seryosong pinsala ay katulad sa kaso ng nakamamatay na puwersa, puwedeng mag-iba ang protocol dahil hindi awtomatikong nagpapasimula ang mga insidenteng ito ng hiwalay na imbestigasyon. Sumasang-ayon ang OLEO na naaangkop ang kasalukuyang kasanayan sa mga insidenteng ito na ibigay ang pangunahing responsibilidad sa pag-abiso sa mga tauhan ng ospital at sa Medikal na Tagasuri, pero inirerekomenda nitong gumawa ng protocol ang Tanggapan ng Sheriff na magagamit sa pagbibigay ng impormasyon kapag hiniling ng indibidwal o kamag-anak.

Dapat gumawa ang Tanggapan ng Sheriff ng mga MOU na gumagamit sa pinakamahuhusay na kasanayang may pagkilala sa trauma kasama ng Medikal na Tagasuri at mga ospital sa kanilang mga pinagseserbisyuhang lugar para magawang pormal ang kasanayang ito at maging mas consistent sa lahat ng insidente.



Kinikilala ng OLEO na hindi madaling gumawa ng mga MOU sa bawat ospital sa pinagseserbisyuhang lugar, gayunpaman, ang pagkakaroon ng MOU sa malalaking ospital at ospital na karaniwang ginagamit gaya ng Harborview Medical Center o St. Anne Hospital ay magiging isang malaking hakbang tungo sa pagtatakda ng consistent at malinaw na protocol sa pagbibigay ng kinakailangang suporta sa mga kamag-anak.

## Pagkamatay o Seryosong Pinsala Habang Nasa Kustodiya

Sa katulad na paraan, hindi awtomatikong nagpapasimula ng hiwalay na imbestigasyon ang mga pagkamatay o seryosong pinsala habang nasa kustodiya kung saan hindi gumagamit ng puwersa. Sa pagsusuri ng OLEO ng mga kritikal na insidente kamakailan, nakakita ng ilang inconsistency sa mga kasanayan sa pag-abiso kasunod ng mga pagkamatay habang nasa kustodiya.<sup>1</sup>

Dapat magtakda ang Tanggapan ng Sheriff ng patakaran na makipag-ugnayan sa mga hiwalay na imbestigador kung sakaling may pagkamatay habang nasa kustodiya. Mukhang nagawa na ito sa naisapinal kamakailan na Mga Alituntunin sa Organisasyon at Operasyon ng Team para sa Mga Hiwalay na Imbestigasyon ng Valley at Team para sa Mga Hiwalay na Imbestigasyon ng Puwersa – Protocol at Mga Alituntunin ng King County pero dapat itong linawin sa GOM.



Kung sakaling may pagkamatay habang nasa kustodiya, tulad sa koordinasyon sa mga tauhan ng ospital sa itaas, dapat gumawa ang Tanggapan ng Sheriff ng MOU na mangangasiwa sa koordinasyon sa Medikal na Tagasuri para makapagbigay ng sapat na suporta at impormasyon sa kamag-anak at consistent na protocol sa mga kaso.

<sup>1</sup> Walang IIT sa ART2019-003 at ART2019-006, pero inimbestigahan ng Team para sa Hiwalay na Imbestigasyon ng Valley ang ART2022-004.

## Mga Rekomendasyon

### Rekomendasyon 1

1.

**Gumawa ng patakaran at magsama ng mga salita sa mga MOU<sup>m</sup> para sa pag-abiso at pakikipag-ugnayan nang may pagkilala sa trauma kasunod ng bawat uri ng kritikal na insidente.**

Ang posisyon ng OLEO ay kapag may legal na kakayahan ang Tanggapan ng Sheriff na makipag-ugnayan sa apektadong kamag-anak, mayroon silang obligasyong gawin ito maliban na lang kung tatanggap makipag-ugnayan ang isang nag-survive na indibidwal. Alinsunod sa kasanayan ng Kawanihan ng Pulisya ng Portland (Oregon), inirerekomenda ng OLEO na magsama ang patakaran ng mga salitang kumikilala sa traumatic na epekto ng mga kritikal na insidente sa mga survivor, kamag-anak, at komunidad, at kumikilala sa tungkulin ng ahensya sa pagsuporta ng hiwalay at mabusising imbestigasyon.<sup>106</sup> Dahil walang ganoong patakaran sa kasalukuyan, dapat gumawa ang Tanggapan ng Sheriff ng patakaran para linawin at gawan ng pamantayan ang kasanayan ng ahensya sa pag-abiso at pakikipag-ugnayan sa isang kamag-anak nang may pagkilala sa trauma kasunod ng isang kritikal na insidente. Nag-isyu ang OLEO ng mga katulad na rekomendasyon sa dalawang nakaraang pagsusuri ng sistema ng mga kritikal na insidente.<sup>107</sup>

Kung naaangkop, dapat gawin ng Tanggapan ng Sheriff ang mga sumusunod:

***Gumawa ng multidisciplinary na team para sa pakikipag-ugnayan sa pamilya na magiging responsable sa pag-abiso ng kamag-anak pagkatapos ng isang kritikal na insidente. Dapat gawin ng team na ito sa pakikipag-ugnayan ang mga sumusunod:***

- **Atasan ang mga tauhang nakikipag-ugnayan sa kamag-anak na magpasama sa mga kinatawag hindi tagapagpatupad ng batas.** Ayon sa pananaliksik, sa pag-abiso at pakikipag-ugnayan sa kamag-anak kasunod ng mga kalunus-lunos na pangyayari, dapat ay may hindi bababa sa dalawang indibidwal.<sup>108</sup> Ang unang indibidwal ay ang pangunahing makikipag-ugnayan sa kamag-anak, habang magbibigay naman ang pangalawang indibidwal na obserbasyon sa sitwasyon habang nangyayari ito para sa kaligtasan at iba pang pangangailangan sa suporta.<sup>109</sup> Gayunpaman, pagkatapos ng isang kritikal na insidente, hindi na bagong iugnay ng apektadong kamag-anak ang tauhan para sa pagpapatupad ng batas sa pagkamatay ng kanilang mahal sa buhay, kaya naman tumatangi na silang makipag-ugnayan pa sa tauhan para sa pagpapatupad ng batas.<sup>110</sup> Samakatuwid, para mabalanse ang presensya ng tagapagpatupad ng batas, inirerekomenda ng OLEO na magsama ng isang taong hindi tagapagpatupad ng batas at available para magbigay sa mga mahal sa buhay ng alternatibo sa pakikipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas, at makakapagbigay ng karagdang tulong kung kinakailangan.

Hindi iyon nangangahulugan na hindi na dapat subukan ng Tanggapan ng Sheriff na magkaroon ng papel sa pakikipag-ugnayan sa kamag-anak tungkol sa mga kritikal na insidente. Ang pagpapasimula ng ugnayan ay puwedeng magpakita ng pananagot at ng pagsubok sa bahagi ng Tanggapan ng Sheriff na isaayos ang naging pinsala at kunin ulit ang tiwala ng komunidad.<sup>111</sup> Sinabi ng isang interviewee na ang

Mga rekomendasyon ng OLEO sa pakikipag-ugnayan sa kamag-anak kasunod ng isang kritikal na insidente:

- Magsama ng hindi nagpapatupad ng batas
- Personal na makipagkita sa kamag-anak (huwag sa pamamagitan ng telepono)
- Magsuot ng plain na damit (hindi nakauniporme).
- Magbigay ng mga nakasulat na materyal/pamplet

<sup>m</sup> Sinasaklaw ng mga memorandum ng pag-unawa ang pakikibahagi ng Tanggapan ng Sheriff sa mga kritikal na insidente kung saan may sangkot na IIT.

## Rekomendasyon

### 1.

**Gumawa ng patakaran at magsama ng mga salita sa mga MOU para sa pag-abiso at pakikipag-ugnayan nang may pagkilala sa trauma kasunod ng bawat uri ng kritikal na insidente.**  
*ipinagpatuloy*

hindi pakikipag-ugnayan sa kamag-anak kasunod ng isang kritikal na insidente ay puwedeng magbigay ng impression na sinusubukang itago at iwasan ng tagapagpatupad ng batas ang responsibilidad. Sa halip, may pagkakataon ang Tanggapan ng Sheriff na magpasimula ng suporta sa pamamagitan ng pagiging intentional at nakikita.<sup>112</sup> Ang pagkakaroon ng taong hindi tauhan ng Tanggapan ng Sheriff ay puwedeng magbigay sa kamag-anak ng buffer sa resistance at vulnerability na puwede nilang maramdaman sa pakikipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas kasunod ng isang kritikal na insidente.

- **latas na sa personal makipag-ugnayan sa kamag-anak kung posible.** Nang sumusunod sa pinakamahuhusay na kagawian, ang personal na pakikipag-ugnayan kasunod ng mga kritikal na insidente ay makakatulong para hindi na madagdagan ang dalamhati ng biktima o ng kanyang kamag-anak.<sup>113</sup> Kung nakatira ang kamag-anak sa labas ng King County, inirerekomenda ng OLEO na makipagtulungan sa ibang hurisdiksyon kung kinakailangan para matiyak na mabibigyan pa rin ang apektadong kamag-anak ng personal na meeting sa mga lokasyong kumportable para sa kanila.<sup>114</sup> Naaayon ito sa GOM 2.07.000 na nagbabalangkas sa mga pag-abiso kapag may pagkamatay o seryosong pinsala sa mga tauhan ng Tanggapan ng Sheriff.
- **Atasan ang mga tauhang nakikipag-ugnayan sa kamag-anak na magsuot ng plain na damit.** Ang pakikipag-ugnayan sa isang taong nakauniporme nang para sa pagpapatupad ng batas kasunod ng isang kritikal na insidente ay puwedeng mas mag-traumatize sa mga survivor at kanilang kamag-anak.<sup>115</sup> Sa ilang pagkakataon, puwedeng hindi madaling makita ang taong nasa likod ng uniporme, na magpapahirap sa pagkakaroon ng makabuluhang ugnayan.<sup>116</sup> Dapat magpatupad ang Tanggapan ng Sheriff ng gabay na patakaran na plain na damit ang isuot ng mga team para sa pakikipag-ugnayan sa pamilya.
- **Magbigay ng mga nakasulat na materyales o pamphlet na iiwanan sa kamag-anak.** Ang mga kamag-anak na nagluluksa pagkatapos malamang namatay o nagtamo ng seryosong pinsala ang isang mahal nila sa buhay ay puwedeng mahirapan sa pagpoproseso ng impormasyon o pag-alala ng mga detalye—lalo na ang mga sinabi nang pasalita. Para matiyak na may sapat na access ang kamag-anak sa impormasyon, inirerekomendang ibigay sa nakasulat na format ang parehong impormasyong ibinigay sa panahon ng pag-abiso. Puwedeng makatulong ang maagang paghahanda ng mga nakasulat na materyales sa pagtiyak na available ang impormasyon sa maraming wika para sa accessibility at katumpakan. Inirerekomenda ng OLEO na gumawa ang Tanggapan ng Sheriff ng pamphlet para magbigay ng impormasyong iniangkop sa insidente (halimbawa, nakamamatay kumpara sa hindi nakamamatay na insidente). Puwedeng ibigay ang pamphlet na ito sa kamag-anak ng tauhan ng Tanggapan ng Sheriff o ng iba pang stakeholder (tauhan ng ospital, Medikal na Tagasuri, hiwalay na imbestigador, atbp.). Nakasaad dapat sa pamphlet ang kahit isa lang sa mga sumusunod:

## Rekomendasyon

### 1.

**Gumawa ng patakaran at magsama ng mga salita sa mga MOU para sa pag-abiso at pakikipag-ugnayan nang may pagkilala sa trauma kasunod ng bawat uri ng kritikal na insidente.**  
*ipinagpatuloy*

- » Follow-up na point of contact at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa isang tao sa Tanggapan ng Sheriff at/o hiwalay na imbestigador na family liaison.
- » Balangkas ng proseso ng imbestigasyon na may paliwanag ng mga nauugnay na uri ng mga gagawing imbestigasyon (pang-administratibo, hiwalay, Tanggapan para sa Mga Hiwalay na Imbestigasyon ng Estado, atbp.), layunin ng bawat (imbestigasyon ng krimen, pang-administratibong imbestigasyon, atbp.), at kung bakit kinakailangan ang mga ito (dapat ay may kasama itong paliwanag ng mga hakbang ng imbestigasyong iniaatas ng batas at opsyonal mula sa ahensya o kapag hiniling ng kamag-anak; halimbawa, ipaliwanag na puwedeng mag-access ang kamag-anak ng hiwalay na autopsy kung gusto nila).
- » Ang maaasahan ng kamag-anak kasama ang isang timeline ng imbestigasyon, sino ang puwedeng makipag-ugnayan sa kanila, impormasyon tungkol sa autopsy, at access sa labi at mga personal na gamit ng kanilang mahal sa buhay, kung naaangkop.
- » Impormasyon tungkol sa pag-access ng impormasyon ng imbestigasyon (mga kahilingan sa paghahayag sa publiko, ulat ng imbestigasyon, ulat ng autopsy, certificate ng pagkamatay, footage ng camera na isinusuot sa katawan, atbp.).
- » Listahan ng resource gaya ng mga referral sa OLEO at mga organisasyon sa komunidad para sa pinansyal na tulong, tulong sa pagluluksa, suporta sa kalusugan ng pag-iisip, atbp.

***Magbigay sa mga tauhan ng pagsasanay para sa pakikipag-ugnayang may pagkilala sa trauma na magagamit sa mga emergency na sitwasyon.***

Maliban sa multidisciplinary na team para sa pakikipag-ugnayan sa pamilya na inilarawan sa itaas, puwedeng may mga hindi planadong sitwasyon kung saan dapat agarang makipag-ugnayan ang tauhan sa mga mahal sa buhay ng isang napatay ng o nagtamo ng pinsala mula sa Tanggapan ng Sheriff. Halimbawa, kung nasa tagpo ang kamag-anak para sa insidente, o kung kusang makikipag-ugnayan ang kamag-anak sa tauhan. Para matiyak na handa ang mga tauhan na tumugon sa mga ganitong natatanging sitwasyon sa paraang may pagkilala sa trauma, inirekomenda ng OLEO na bumuo ang patakaran ng hiwalay na internal na grupo ng mga nagsanay na trauhang magiging responsable para sa pag-abiso nang nasa oras at may pagkilala sa trauma sa mga hindi planadong sitwasyon. Ang bawat tauhan, pati ang mga staff sa pakikipag-ugnayan (hal., mga 911 dispatcher), ay may kaalaman at kakayahan dapat na ipasa ang komunikasyon sa isang miyembro ng internal na team na ito ng Tanggapan ng Sheriff. Dapat gamitin ng mga protocol na ito ang pinakamahuhusay na kagawian mula sa Departamento ng Katarungan ng U.S.<sup>117</sup> at ang mga inilalarawan sa kabuuan ng ulat na ito. Sa paunang pagpapalano sa mga nakatalagang tungkulin at responsibilidad sa ahensya, magiging mas handa ang Tanggapan ng Sheriff para sa sensitibo, efficient, at propesyonal na pagpapabatid ng hindi kanais-nais na impormasyon. Kapag kinakailangan at naaangkop, gaya ng kapag may hiwalay na imbestigasyon sa kasalukuyan, dapat ipasa ng team ang komunikasyon sa multidisciplinary na team para sa pakikipag-ugnayan sa pamilya na inilalarawan sa Rekomendasyon 1.

## Rekomendasyon

### 2.

**Makipagtulungan sa mga organisasyong nag-aalok ng mga serbisyo para sa suporta sa biktima sa King County para magbigay ng mga tugong may pagkilala sa trauma-at referral sa organisasyon sa komunidad na patas at may kabatiran sa kultura.**

Inirerekomenda ng OLEO na gumawa ang Tanggapan ng Sheriff ng mga MOU sa mga organisasyon sa komunidad sa King County para magbigay ng mga proactive na network ng suporta na pauna nang binuo na makakatulong at magsusulong ng paghilom sa mga mahal sa buhay at survivor na apektado ng mga insidenteng gumagamit ng puwersa.

Ang mga nasabing organisasyon ay mayroon dapat mga lisensyado at accredited na propesyonal na may malalim na pagsasanay sa mga protocol sa pagtugon sa trauma para sa pakikipag-ugnayan at sa mga kasanayan sa komunikasyon na may kabatiran sa kultura. Sa pamamagitan ng mga sadya at collaborative na pagsisikap, magagawa ng Tanggapan ng Sheriff na ibigay ang mga naaangkop na resource sa tamang panahon, na nakakatugon samga pangangailangan ng tatanggap at magpapalaki sa tiwala ng komunidad, hindi lang sa mga apektadong indibidwal kung hindi pati na rin sa mas malawak na komunidad.

## Rekomendasyon

### 3.

**Linawing kumpidensyal, o hindi kumpidensyal, ang mga ugnayan sa pagitan ng kamag-anak at family liaison ng hiwalay na imbestigador.**

Bagama't ang pag-access ng family liaison na itinalaga ng IIT ay isa na ngayong resource na ibinibigay sa apektadong kamag-anak sa ilalim ng LETCSA, hindi malinaw na nakasaad ang tungkulin ng at inaasahan sa family liaison. Sa ibang salita, hindi malinaw kung ang mga pakikipag-ugnayang iyon, o ang iba pang pakikipag-ugnayan ng kamag-anak, ay nagiging bahagi ng record ng imbestigasyon, at kalaunan ay puwedeng gamitin laban sa pumanaw o sa kanyang kamag-anak.<sup>118</sup> Dahil dito, puwedeng magdalawang-isip ang kamag-anak na makipag-ugnayan sa family liaison. Inirerekomenda ng OLEO na linawin ng Tanggapan ng Sheriff ang lahat ng aspeto ng tungkulin ng family liaison. Dapat ipabatid sa kamag-anak kung ang impormasyong ibinabahagi nila sa Tanggapan ng Sheriff, nakatalagang family liaison, o mga panlabas na entity ay isasama sa mga record ng imbestigasyon, o may posibilidad na ma-subpoena at/o gamitin sa paraang posibleng hindi nito nilalayan. Dapat ay bigyan ng babala ang pamilya sa kung paano gagamitin ang impormasyon, bigyan sila ng opsyong kumonsulta sa isang abugado bago makipag-usap sa hiwalay na imbestigador na family liaison, at magkaroon din ng opsyong huwag isama sa record ng imbestigasyon ang anumang tala mula sa mga meeting sa family liaison.<sup>119</sup> Makakatulong ang paglilinaw na maiwasan ang higit pang victimization na nararanasan ng kamag-anak, at masusuportahan nito ang integridad ng proseso ng pakikipag-ugnayan.

## Rekomendasyon

4.

**I-publish ang mga protocol ng IIT sa website ng Tanggapan ng Sheriff.**

Kinikilala ang transparency, pananagot, at bukas na komunikasyon bilang mahahalagang aspeto pagdating sa pagkuha at pagpapanatili sa tiwala ng komunidad.<sup>120</sup> Ang mga alituntunin ng IIT para sa Team para sa Hiwalay na Imbestigasyon ng Puwersa – Team para sa Mga Hiwalay na Imbestigasyon ng King County at Valley ay hindi naa-access sa anumang pampubliko o online na platform, bagama't hayagang isinasaad ng parehong protocol na magiging bukas sa publiko ang mga nasabing patakaran at pamamaraan ng operasyon para sa pagsusuri. Para sa mga dahilang ito, inirerekomenda ng OLEO na i-publish ng Tanggapan ng Sheriff ang mga protocol ng anumang entity na puwedeng magsagawa ng hiwalay na imbestigasyon sa ngalan ng Tanggapan ng Sheriff.

## Rekomendasyon

5.

**Gumawa ng patakaran para sa pagpapahayag sa media kasunod ng isang kritikal na insidente.**

Bagama't nagbibigay ang GOM 1.06.000 ng ilang gabay para sa paglalabas ng impormasyon sa news media, inirerekomenda ng OLEO na gumawa ang Tanggapan ng Sheriff ng patakaran kaugnay ng pahayag sa media na nagbibigay ng mga karagdagang protocol na partikular sa aftermath ng isang kritikal na insidente. Dahil hindi naging consistent ang kasanayang ito noon, at isinaad ng mga stakeholder na pinagmumulan ng trauma at pagkadismaya ang hindi naaangkop na pangangasiwa ng pakikipag-ugnayan sa media kasunod ng isang kritikal na insidente,<sup>121</sup> kinakailangan ng patakaran para makagawa ng pamantayan at mabigyang-linaw ang mga inaasahan sa mga tauhan at sa publiko. Gaya ng nakasaad sa patakaran ng Departamento ng Pulisya ng Frederick (Maryland) sa mga ugnayan sa media para sa mga pamamaryl na kinasasangkutan ng pulis, "Sa komunikasyon sa publiko at media pagkatapos ng isang nakamamatay o posibleng nakamamatay na insidente, dapat balansehin ang kagustuhan ng publiko na makakuha kaagad ng sagot, ang pangangailangan ng katumpakan, at ang pangangailangang ipabatid ang pagiging independent ng imbestigasyon."<sup>122</sup> Para makuha ang balanseng ito, inirerekomenda ng OLEO na tugunan ng patakaran ng Tanggapan ng Sheriff sa mga ugnayan sa media para sa kritikal na insidente ang mga sumusunod:

- **Timing ng pahayag.** Dapat iatas ng patakaran na maglabas ang Tanggapan ng Sheriff ng pahayag na nagpapabatid sa publiko ng nangyaring insidente sa lalong madaling panahon, pero kapag lang naabisuhan na ang kamag-anak, at nang may koordinasyon sa mga nauugnay na hiwalay na imbestigador. Dapat isaad ng patakaran ang mga tungkulin at responsibilidad kasama ang kung sino sa Tanggapan ng Sheriff ang responsable sa pag-draft, pagsusuri, pag-apruba, pagkumpirma, at pamamahagi sa pahayag sa media, at sa pagbibigay ng katulad na protocol para sa mga pahayag sa social media.

## Rekomendasyon

### 5.

#### **Gumawa ng patakaran para sa pagpapahayag sa media kasunod ng isang kritikal na insidente.**

*ipinagpatuloy*

- **Mga nilalaman ng paunang pahayag sa media.** Alinsunod sa patakaran ng Departamento ng Pulisya ng Seattle,<sup>123</sup> ang paunang pahayag sa media ay tungkol lang dapat sa mga nakukumpirmang detalye, at wala dapat itong anumang paunang panghuhusga. Ang pangunahing layunin ng pahayag ay abisuhan ang publiko tungkol sa insidente at sa timeline ng imbestigasyon. Dapat isaad ng patakaran ang impormasyong puwedeng isama sa paunang pahayag na ito. Inirerekomenda ng OLEO na isama ng listahan ang sumusunod na hinango sa kasalukuyang patakaran ng Tanggapan ng Sheriff sa paglalabas ng impormasyon (GOM 1.06.025) at mga peer na ahensya kasama ang Departamento ng Pulisya ng Seattle<sup>124</sup> at Departamento ng Pulisya ng Frederick (Maryland).<sup>125</sup>  
Mga inirerekomendang pagdaragdag:
  - » Petsa, oras, at lokasyon ng insidente.
  - » Uri ng tawag para sa serbisyo na nagpapunta ng mga deputy sa tagpo.
  - » Pangunahing impormasyon tungkol sa assignment sa duty, tenure, at kasalukuyang pang-administratibong statys ng mga deputy.
  - » Paglalarawan sa mga susunod na hakbang ng imbestigasyon kasama ang kung sinong mga hiwalay na imbestigador ang magiging bahagi nito, kung mayroon.
- **Pagpapalawak sa pagbabawal sa paglalabas ng kasaysayan ng krimen.** Bukod sa pagbabawal sa paglalabas ng impormasyon kaugnay ng mga nakaraang pag-aresto na hindi nagresulta sa pagkakahatol,<sup>126</sup> dapat magsama ang patakaran ng mga salitang sumasalamin sa mula sa Departamento ng Pulisya ng Seattle: “Maliban na lang kung iba ang iniaatas ng batas, hindi ilalabas ng departamento ang kasaysayan ng krimen ng subject, maliban na lang kung nauugnay ito sa insidente at alam ito ng (mga) sangkot na pulis bago ang engagement.”<sup>127</sup> Naaayon din ito sa pinakamahusay na kasanayan ng WSCJTC.<sup>128</sup>
- **Pagpapahayag ng mga pangalan ng mga deputy.** Alinsunod sa Departamento ng Pulisya ng Seattle, inirerekomenda ng OLEO na kumpirmahin ng GOM na isasapubliko ang mga pangalan ng sinumang deputy na nag-discharge ng baril o kaya ay gumamit ng puwersa sa panahon ng kritikal na insidente sa loob ng 72 oras pagkatapos ng nasabing insidente.
- **Pangkalahatang gabay sa pakikipag-ugnayan sa publiko.** Inirerekomenda ng OLEO na magbigay ang patakaran ng pangkalahatang gabay sa pakikipag-ugnayan sa publiko tungkol sa anumang kritikal na insidente. Hindi kailanman dapat magpabatid ang Tanggapan ng Sheriff ng pagsang-ayon o pagkondena sa mga pagkilos ng mga opisyal sa panahon ng isang kritikal na insidente hangga’t hindi nakukumpleto ang internal na pagsusuri ng Team para sa Pang-administratibong Pagsusuri. Kung posible, dapat ay simple at madaling maunawaan ang mga salitang gagamitin ng Tanggapan ng Sheriff sa pagtalakay ng insidente, at wala dapat itong kasamang teknikal o legal na jargon, para madali itong ma-access at maunawaan ng publiko.<sup>129</sup>

## Rekomendasyon

### 6.

**Gumawa ng patakaran sa paglalabas ng video pati sa paglalabas ng footage ng kritikal na insidente sa loob ng 72 oras at na nangangailangan ng transparency sa pagpapasya.**

Alinsunod sa mga nakaraang rekomendasyon ng OLEO, dapat gumawa ang Tanggapan ng Sheriff ng patakaran na isapubliko ang anumang footage ng kritikal na insidente sa loob ng 72 oras pagkatapos ng nasabing insidente.<sup>130</sup> Inirerekomenda ng OLEO ang timeline na ito dahil nagbibigay ito ng sapat na panahon para sa mga internal na briefing at para masuri ng kamag-anak ang footage bago ito ilabas. Dapat ding tiyakin ng patakaran na mabibigyan ang kamag-anak ng pagkakataong panoorin ang footage kung gusto nila bago ito isapubliko. Sa kaso ng hiwalay na imbestigasyon, dapat mag-isyu ang Tanggapan ng Sheriff ng pormal na kahilingan para ilabas kaagad ang footage, alinsunod sa WAC 139-12-030. At gaya ng dati nang sinabi ng OLEO, dapat makumpleto ang interview sa mga sangkot na deputy bago ilabas ang video para mapanatili ang integridad ng imbestigasyon.

Kung may pagkaantala sa paglalabas o kung hindi puwedeng ilabas ang ilang impormasyon dahil sa isang bagay na nauugnay sa batas, dapat ay maging ganap na transparent ang Tanggapan ng Sheriff sa pagpapasya nito at banggitin nito ang mga partikular na dahilan kung bakit hindi puwedeng ilabas ang isang bagay. Sa proactive at nasa oras na paglalabas ng impormasyon, nakukuha ang tiwala ng publiko at naitatama ang posibleng maling impormasyon sa publiko.

## Rekomendasyon

### 7.

**Gumawa ng portal ng data kung saan madaling maa-access ang data ng lahat ng kritikal na insidente.**

Sa kasalukuyan, walang iisang accessible na resource na magagamit ang interesadong publiko para sa pagsusuri at pagsubaybay ng mga kritikal na insidente sa King County. Ang Tanggapan ng Sheriff ay may dashboard para sa Paggamit ng Puwersa na nagbibigay sa ilang aspeto ng dati nang data na ito; gayunpaman, hindi na na-update ang portal na ito mula pa noong Disyembre 2021 at pangunahing impormasyon lang tungkol sa mga insidente ang ibinibigay ng mga ito.<sup>131</sup> Bukod pa rito, walang iisang repository para sa mga pahayag sa media o pampublikong dokumento ng imbestigasyon na nauugnay sa mga kritikal na insidente. Kapag may updated at mas mahusay na portal ng data, mapupunan ang gap sa impormasyon at magkakaroon ang publiko ng maaasahang mapupuntahan para sa pagsubaybay ng mga insidente at pangkalahatang trend sa hinaharap. May mga dati nang modelo ng sistema ng pagsubaybay ng data gaya ng web page<sup>132</sup> ng Mga Pamamaril na Kinasasangkutan ng Naka-duty na Pulis ng Departamento ng Pulisya ng Dallas (Texas)<sup>133</sup> na puwedeng i-adapt para umangkop sa mga pangangailangan sa King County.

Ang mga uring ito ng mga accessible na portal ng data ay nagsusulong ng transparency sa publiko at tiwala ng publiko sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangunahing data tungkol sa insidente (petsa, ginamit na puwersa, mga natamong pinsala, lokasyon, atbp.) pati ng mga link sa mga pahayag sa media at pampublikong dokumento ng imbestigasyon para magbigay ng salaysay ng insidente as madaling i-access na format. Inirerekomenda ng OLEO na gumawa ang Tanggapan ng Sheriff ng portal ng data at gumawa ito ng protocol sa patakaran na nagsasabing regular na i-update at panatilihin ang web page.

# Appendix I – Buod na Talahanayan ng Mga Kasanayan sa Pag-abiso

## Mga Kasanayan ng Tanggapan ng Sheriff ng King County Kapag May Kritikal na Insidente <sup>a</sup> (Ene. 2019 - Dis. 2022)

Numero ng Insidente	Petsa ng Pangyayari	Gumamit ng Puwersa <sup>b</sup>	Pagkakaospital	Hiwalay na Imbestigasyon	Team para sa Hiwalay na Imbestigasyon	Pag-abiso ng Kamag-anak <sup>c</sup>	Pag-abiso sa Publiko <sup>d</sup>	Pahayag sa Media	Mga Link sa Balita
ART2019-001	2/4/2019	Kagat ng aso, Projectile impact weapon, Pepper balls, Taser CEW, Baril	Oo	Oo	Team sa Pag-iimbestiga ng Puwersa ng Seattle	Walang nakitang record ng pag-abiso	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	<a href="#">Pahayag sa Media 1</a> <a href="#">Pahayag sa Media 2</a>	<a href="#">The Seattle Times</a> <a href="#">KIRO News X (dating Twitter) 1</a> <a href="#">X 2</a>
ART2019-002	7/22/2019	Vascular neck restraint <sup>e</sup>	Oo	Hindi	N/A <sup>f</sup>	Walang nakitang record ng pag-abiso	Walang nakitang record ng pag-abiso	<a href="#">Hindi Naaangkop</a>	<a href="#">Hindi Naaangkop</a>
ART2019-003	9/11/2019	Wala (Pagkamatay habang nasa kustodiya) <sup>g</sup>	Hindi	Hindi	Hindi Naaangkop	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	<a href="#">Pahayag sa Media</a>	<a href="#">Westside Seattle</a>
ART2019-004	10/9/2019	Baril, Walang pinsala	Hindi	Oo	Team para sa Mga Hiwalay na Imbestigasyon ng Valley	Walang nakitang record ng pag-abiso	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	<a href="#">Hindi Naaangkop</a>	<a href="#">The Seattle Times</a> <a href="#">KIRO 7 News X</a>
ART2019-005	11/25/2019	Baril, Nakamamatay	Hindi	Oo	Team sa Pag-iimbestiga ng Puwersa ng Seattle	Walang nakitang record ng pag-abiso	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	<a href="#">Pahayag sa Media</a>	<a href="#">X</a> <a href="#">King 5 News</a>
ART2019-006	12/18/2019	Wala (Pagkamatay habang nasa kustodiya) <sup>g</sup>	Hindi	Hindi	Hindi Naaangkop	Walang nakitang record ng pag-abiso	Walang nakitang record ng pag-abiso	Hindi Naaangkop	Hindi Naaangkop

Numero ng Insidente	Petsa ng Pangyayari	Gumamit ng Puwersa <sup>b</sup>	Pagkakaospital	Hiwalay na Imbestigasyon	Team para sa Hiwalay na Imbestigasyon	Pag-abiso ng Kamag-anak <sup>c</sup>	Pag-abiso sa Publiko <sup>d</sup>	Pahayag sa Media	Mga Link sa Balita
ART2019-007	8/24/2019	Precision immobilization technique, Pagtutok ng baril	Oo	Hindi	Hindi Naaangkop	Walang nakitang record ng pag-abiso	Walang nakitang record ng pag-abiso	Hindi Naaangkop	Hindi Naaangkop
ART2020-001	3/19/2020	Taser CEW	Oo	Oo	Team para sa Mga Hiwalay na Imbestigasyon ng Valley	Walang nakitang record ng pag-abiso	Walang nakitang record ng pag-abiso	Hindi Naaangkop	Hindi Naaangkop
ART2020-002	5/13/2020	Precision immobilization technique, Taser CEW	Oo	Hindi	Hindi Naaangkop	Walang nakitang record ng pag-abiso	Walang nakitang record ng pag-abiso	Hindi Naaangkop	Hindi Naaangkop
ART2020-003	7/16/2020	Baril, Nakamamatay	Hindi	Oo	Team sa Pag-iimbestiga ng Puwersa ng Seattle	Walang nakitang record ng pag-abiso	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	<a href="#">Pahayag sa Media</a>	<a href="#">X KOMO News</a>
ART2020-004	8/6/2020	Taser CEW, Pananaksak sa sarili	Oo	Hindi	Hindi Naaangkop	Walang nakitang record ng pag-abiso	Walang nakitang record ng pag-abiso	Hindi Naaangkop	Hindi Naaangkop
ART2020-005	8/27/2020	Sinubukan ang precision immobilization technique (bumangga sa sasakyan)	Oo	Hindi	Hindi Naaangkop	Walang nakitang record ng pag-abiso	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	Hindi Naaangkop	<a href="#">KOMO News</a> <a href="#">X</a>
ART2020-006	9/19/2020	Baril, Nakamamatay	Hindi	Oo	Team para sa Mga Hiwalay na Imbestigasyon ng Valley	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	<a href="#">Pahayag sa Media</a>	<a href="#">The Seattle Times</a> <a href="#">King 5 News</a> <a href="#">Auburn Examiner</a> <a href="#">X</a>
ART2020-007	11/9/2020	Baril, Nakamamatay	Oo	Oo	Team sa Pag-iimbestiga ng Puwersa ng Seattle	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	<a href="#">Pahayag sa Media</a>	<a href="#">The Seattle Times</a> <a href="#">X</a>

Numero ng Insidente	Petsa ng Pangyayari	Gumamit ng Puwersa <sup>b</sup>	Pagkakaospital	Hiwalay na Imbestigasyon	Team para sa Hiwalay na Imbestigasyon	Pag-abiso ng Kamag-anak <sup>c</sup>	Pag-abiso sa Publiko <sup>d</sup>	Pahayag sa Media	Mga Link sa Balita
ART2020-008	1/22/2020	Baril, Hindi nakamamatay	Oo	Oo	Team para sa Mga Hiwalay na Imbestigasyon ng Valley	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	Walang nakitang record ng pag-abiso	Hindi Naaangkop	Hindi Naaangkop
ART2021-001	6/2/2021	Projectile impact weapon, Taser CEW	Oo	Hindi	Hindi Naaangkop	Walang nakitang record ng pag-abiso	Walang nakitang record ng pag-abiso	Hindi Naaangkop	Hindi Naaangkop
ART2022-001	5/4/2022	Baril, Nakamamatay	Hindi	Oo	Team para sa Mga Hiwalay na Imbestigasyon ng Valley	Walang nakitang record ng pag-abiso	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	Hindi Naaangkop	<a href="#">King 5 News</a> <a href="#">Auburn Reporter</a>
ART2022-002	8/9/2022	Taser CEW	Oo	Hindi	Hindi Naaangkop	Walang nakitang record ng pag-abiso	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	Hindi Naaangkop	<a href="#">KOMO News</a>
ART2022-003	9/10/2022	Baril, Nakamamatay	Hindi	Oo	Team para sa Mga Hiwalay na Imbestigasyon ng Valley	Walang nakitang record ng pag-abiso	Oo, nakakita ng record ng pag-abiso	Hindi Naaangkop	<a href="#">King 5 News</a>
ART2022-004	12/26/2022	Wala (Pagkamatay habang nasa kustodiya) <sup>g</sup>	Hindi	Oo	Team para sa Mga Hiwalay na Imbestigasyon ng Valley	Walang nakitang record ng pag-abiso	Walang nakitang record ng pag-abiso	Hindi Naaangkop	Hindi Naaangkop

### Mga tala sa talahanayan:

- a. Para sa bawat insidente, sinuri ng OLEO ang dokumentasyon sa IAPRO na nauugnay sa mga internal na imbestigasyon at naka-link na review kung naaangkop (kasama ang mga file ng paggamit ng puwersa, pagsusuri ng kritikal na insidente, at pagsusuri ng pursuit). Sinuri ng OLEO ang lahat ng nakasulat na dokumentasyon at audio recording na minarkahan bilang mga tawag. Bagama't nag-iba ang dokumentasyon para sa bawat kaso, sa pangkalahatan, ang mga file ay may kasamang salaysay ng saksing pulis, salaysay ng mga sangkot na deputy, file ng imbestigasyon, ulat ng insidente, at nauugnay na palitan ng email. Hindi sinuri ng OLEO ang mga larawan, video, o audio recording ng radyo, salaysay ng saksi, o interview. Ginamit ng OLEO ang mga sumusunod na termino ng paghahanap para ma-capture ang pagbanggit ng pag-abiso ng kamag-anak o sa publiko: pag-abiso, mag-abiso, tumawag, pahayag sa media, pamilya, kamag-anak, ina, ama, asawa, kaibigan.
- b. Mga pagpapakahulugan ng puwersa:
  - Kagat ng aso: Kagat o pinsalang natamo sa pisikal na contact sa pagitan ng nagsanay na aso para sa pagpapatupad ng batas at ng subject. (GOM 6.01.000)
  - Baril: Pag-discharge ng baril na may nakamamatay na ammunition. (GOM 6.01.000)
  - Wala (Pagkamatay habang nasa kustodiya): Pagkamatay ng arrestee o detainee habang nasa custodial na pangangalaga ng Tanggapan ng Sheriff, walang ginamit na puwersa.
  - Pepper balls: Projectile na may lamang chemical irritant na oleoresin capsicum, na tinatawag ding pepper spray.

- Pagtutok ng baril: Sadyang pagtutok sa muzzle ng baril sa isang tao. Tinatawag itong intermediate na paggamit ng puwersa. (GOM 6.01.000)
  - Precision immobilization technique: Diskarte para mapahinto ang isang umaandar na sasakyan sa pamamagitan ng sadyang pagbangga para mapuwersang bumaliktad ang sasakyan at huminto ito. (GOM 9.01.000)
  - Projectile impact weapon: Baril na ginawa para magpakawala ng rubber, bean bag, soft nose, sponge, o iba pang hindi nakaka-penetrates na projectile na naglalayong magdulot ng hindi nakamamatay na blunt trauma na nagreresulta sa pansamantalang pagka-distract at/o pagka-incapacitate ng isang tao. (GOM 6.03.000)
  - Pananaksak ng sarili: Sa sitwasyong ito, may hawak na kutsilyo ang subject at sa pagpupumiglas niya para hindi siya madala siya sa kustodiya, nilaslas ng subject ang sarili niyang leeg.
  - Taser CEW: Ang taser CEW o conducted electrical weapon ay isang portable na device na nagde-deploy ng mga dart na nagta-transmit ng electrical charge o current na naglalayong pansamantalang i-immobilize ang isang tao. (GOM 6.03.000)
  - Vascular neck restraint: Restraint o hold sa leeg kung saan naglalapat ng pressure sa leeg para mapigilan ang pagdaloy ng dugo. (RCW 10.116.020)
- c. Ang ibig sabihin ng entry na “Oo, nakakita ng record ng pag-abiso” ay naglalaman ang IAPro file ng ilang dokumentasyon ng pormal na pag-abiso ng Tanggapan ng Sheriff o mga hiwalay na imbestigador sa kamag-anak. Ang entry na “Walang nakitang record ng pag-abiso” ay hindi awtomatikong nangangahulugan na walang inabisuhang kamag-anak; ang ibig sabihin lang nito ay walang pormal na pag-abisong nakadokumento sa mga available na file. Ayon sa OLEO, malaki ang posibilidad na sa mga pinakabagong kaso (mga nangyari noong 2022), kung saan nananatiling bukas ang hiwalay na imbestigasyon, hindi ganap na naka-update ang lahat ng dokumentasyon sa IAPro sa panahon ng pagsusuri.
- d. Ang ibig sabihin ng entry na “Oo, nakakita ng record ng pag-abiso” ay nakakita ng record sa mga page sa social medial ng Tanggapan ng Sheriff at iba pang media outlet kung saan na-quote o na-credit ang Tanggapan ng Sheriff (kasama ang mga nakakontratang lungsod) sa pag-anunsyong may nangyaring insidente at sangkot ang Tanggapan ng Sheriff sa insidente. Ang ibig sabihin ng entry na “Walang nakitang record ng pag-abiso” ay pagkatapos maghanap sa mga page sa social media ng Tanggapan ng Sheriff at iba pang media outlet, walang nakitang abiso na sinimulan ng Tanggapan ng Sheriff.
- e. Sinuri ng OLEO ang insidenteng ito at gumawa ito ng mga rekomenadsyon sa patakaran. ([https://cdn.kingcounty.gov/-/media/king-county/independent/governance-and-leadership/government-oversight/office-of-law-enforcement-oversight/recommendations/memo\\_recs\\_art2019-002.pdf?rev=9650a4a50a574dcc83f0a7aec29940af&hash=7227CBB3C797E5782EC44E10810DB4E9](https://cdn.kingcounty.gov/-/media/king-county/independent/governance-and-leadership/government-oversight/office-of-law-enforcement-oversight/recommendations/memo_recs_art2019-002.pdf?rev=9650a4a50a574dcc83f0a7aec29940af&hash=7227CBB3C797E5782EC44E10810DB4E9))
- f. Sa panahon ng insidenteng ito, hindi malinaw ang patakaran ng Tanggapan ng Sheriff sa kung nakamamatay na paggamit ng puwersa ba ang lateral vascular neck restraint. Kaya naman walang sinimulang hiwalay na imbestigasyon.
- g. Ang pagkamatay habang nasa kustodiya ay napapailalim sa kategoryang “Iba Pang Seryosong Insidente,” na tumutukoy sa “Mga insidenteng hindi gumagamit ng puwersa at kinabibilangan ng: 1. Anumang pagkamatay ng arrestee o detainee habang siya ay nasa custodial na pangangalaga ng departamento. 2. Iba pang contact na nagreresulta sa pagkakaospital o pagkamatay, gaya ng aksidente sa sasakyan. 3. Pagkamatay, tinangkang homicide, o seryosong pinsala sa isang miyembro [pagkakaospital] dahil sa isang pag-atake.” (GOM 6.02.010)

## Mga Endnote

- 1 Michael Conklin, "Officer-Involved Shootings': How The Exonerative Tense of Media Accounts Distorts Reality ('Mga Pamamariil na Kinahasang ng Pulis': Paano Nadi-distort ng Exonerative na Tense ng Mga Account ng Media ang Realidad)," Enero 2022, University of Miami Race & Social Justice Law Review, 12:1, pp. 53-62, <https://repository.law.miami.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1138&context=umrsjlr>.
- 2 Katy Kirschner, Adrienne Wat, Liz Dop, "Evaluation of King County Sheriff's Office: Policy, Practice, and Review Mechanisms for Officer-Involved Shootings Systemic Review relating to November 25, 2019 Officer-Involved Shooting of Anthony Chilcott (Pagsusuri sa Tanggapan ng Sheriff ng King County: Patakaran, Kasanayan, at Mga Mekanismo ng Pagsusuri para sa Pagsusuri ng Sistema ng Mga Pamamariil na Kinahasang ng Pulis na Nauugnay sa Pamamariil ng Pulis kay Anthony Chilcott noong Nobyembre 15, 2019)," Agosto 2021, [https://kingcounty.gov/en/legacy/independent/law-enforcement-oversight/-/media/independent/law-enforcement-oversight/report-recommendations/2021-08-31\\_OISReport\\_Nov2019\\_AChilcott.ashx?la=en&hash=FOC8B349215D7A8B05764DB2009D642B](https://kingcounty.gov/en/legacy/independent/law-enforcement-oversight/-/media/independent/law-enforcement-oversight/report-recommendations/2021-08-31_OISReport_Nov2019_AChilcott.ashx?la=en&hash=FOC8B349215D7A8B05764DB2009D642B); Michael Gennaco at Stephen Connolly, "Evaluation of the King County Sheriff's Office: Policy, Practice, and Review Mechanisms for Officer-Involved Shootings Insight Gained from Systemic Review of January 27, 2017, Officer-Involved Shooting of Mi'Chance Dunlap-Gittens (Pagsusuri sa Tanggapan ng Sheriff ng King County: Patakaran, Kasanayan, at Mga Mekanismo ng Pagsusuri para sa Mga Pamamariil ng Pulis para sa Insight sa Mga Pamamariil na Kinahasang ng Pulis mula sa Pagsusuri ng Sistema Noong Enero 27, 2017, Pamamariil ng Pulis kay Mi'Chance Dunlap-Gittens)," Pebrero 2020, [https://kingcounty.gov/en/legacy/independent/law-enforcement-oversight/-/media/independent/law-enforcement-oversight/report-recommendations/2020\\_OIS\\_MiChance.ashx?la=en&hash=5FCE8E4B5F6383938BDF64E651678FB2](https://kingcounty.gov/en/legacy/independent/law-enforcement-oversight/-/media/independent/law-enforcement-oversight/report-recommendations/2020_OIS_MiChance.ashx?la=en&hash=5FCE8E4B5F6383938BDF64E651678FB2).
- 3 Desmond Ang, Panka Bencsik, Jesse Bruhn, at Ellora Derenoncourt, "Police violence reduces civilian cooperation and engagement with law enforcement (Karahasan ng pulisya, nakakabawas sa kooperasyon at pakikipag-ugnayan ng mga sibilyan sa mga tagapagpatupad ng batas)," Setyembre 20, 2021, [https://scholar.harvard.edu/files/ang/files/abbd\\_crimereporting.pdf](https://scholar.harvard.edu/files/ang/files/abbd_crimereporting.pdf).
- 4 Toshiko Hasegawa, "Assessing Public Priorities for Police Oversight In King County (Pagtatasa sa Mga Piyoridad ng Publiko para sa Pagsubaybay ng Pulisya sa King County)," 2019, Master of Arts in Criminal Justice Thesis, <https://scholarworks.seattleu.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1008&context=macj-theses>.
- 5 RCW 10.114.011 [2021 c 318 § 401; 2019 c 4 § 5.], <https://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=10.114.011>; WAC 139-12-030, <https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=139-12-030>; WSCJTC, "Independent Investigation of Officer Involved Use of Deadly Force Incident Best Practices (Hiwalay na Imbestigasyon sa Pinakamahuhusay na Kasanayan sa Insidenteng Gumagamit ng Nakamamatay na Puwersa na Kinahasang ng Pulis)," Oktubre 2023, [https://www.cjtc.wa.gov/docs/default-source/letcsa/iit-best-practice-guidelines---october-2023.pdf?sfvrsn=d0470b5d\\_2](https://www.cjtc.wa.gov/docs/default-source/letcsa/iit-best-practice-guidelines---october-2023.pdf?sfvrsn=d0470b5d_2); Tanggapan ng Sheriff, "General Orders Manual (Manual ng Mga Pangkalahatang Kautusan)," <https://public.powerdms.com/KCSO/tree/documents/1820455>.
- 6 RCW 10.114.011 [2021 c 318 § 401; 2019 c 4 § 5.], <https://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=10.114.011>; WSCJTC, "About LETCSA (Tungkol sa LETCA)," <https://www.cjtc.wa.gov/letcsa/about-letcsa>.
- 7 WSCJTC, "Independent Investigation of Officer Involved Use of Deadly Force Incident Best Practices (Hiwalay na Imbestigasyon sa Pinakamahuhusay na Kasanayan sa Insidenteng Gumagamit ng Nakamamatay na Puwersa na Kinahasang ng Pulis)," Oktubre 2023, [https://www.cjtc.wa.gov/docs/default-source/letcsa/iit-best-practice-guidelines---october-2023.pdf?sfvrsn=d0470b5d\\_2](https://www.cjtc.wa.gov/docs/default-source/letcsa/iit-best-practice-guidelines---october-2023.pdf?sfvrsn=d0470b5d_2).
- 8 GOM 6.01.020 (1), <https://public.powerdms.com/KCSO/tree/documents/1758026>.
- 9 WAC 139-12-030(1)(b), <https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=139-12-030>.
- 10 WSCJTC, "Independent Investigation of Officer Involved Use of Deadly Force Incident Best Practices (Hiwalay na Imbestigasyon sa Pinakamahuhusay na Kasanayan sa Insidenteng Gumagamit ng Nakamamatay na Puwersa na Kinahasang ng Pulis)," Oktubre 2023, [https://www.cjtc.wa.gov/docs/default-source/letcsa/iit-best-practice-guidelines---october-2023.pdf?sfvrsn=d0470b5d\\_2](https://www.cjtc.wa.gov/docs/default-source/letcsa/iit-best-practice-guidelines---october-2023.pdf?sfvrsn=d0470b5d_2), [https://www.cjtc.wa.gov/docs/default-source/letcsa/iit-best-practice-guidelines---october-2023.pdf?sfvrsn=d0470b5d\\_2](https://www.cjtc.wa.gov/docs/default-source/letcsa/iit-best-practice-guidelines---october-2023.pdf?sfvrsn=d0470b5d_2).
- 11 "Gaya ng nakasaad sa RCW 9A.04.110, tumutukoy ang 'napakatinding pinsala sa pangangatawan' sa pinsala sa pangangatawan na puwedeng humantong sa pagkamatay, o na nagdudulot ng malala, seryoso, at permanenteng disfigurement, o ng malalang permanenteng pagkawala o impairment ng function ng anumang bahagi ng katawan o organ." (WAC 139-12-020, <https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=139-12-020>)
- 12 "Gaya ng nakasaad sa RCW 9A.04.110, tumutukoy ang 'matinding pinsala sa pangangatawan' sa pinsala sa pangangatawan kung saan may pansamantala pero malalang disfigurement, o na nagdudulot ng pansamantala pero malalang pagkawala o impairment ng function ng anumang bahagi ng katawan o organ, o na nagdudulot ng bali sa anumang bahagi ng katawan." (WAC 139-12-020, <https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=139-12-020>)
- 13 RCW 10.114.011, <https://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=10.114.011>.
- 14 "Maliban kung iniaatas ng decree sa pahintulot ng pederal, kasunduan sa settlement ng pederal, o kautusan ng hukuman ng pederal..." (RCW 10.114.011, <https://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=10.114.011>)
- 15 Mga Tauhan ng Tanggapan ng Sheriff, mga interview sa OLEO, Hulyo 24, 2023, Setyembr 6, 2023, at Nobyembre 21, 2023.
- 16 Ibid.
- 17 WAC 139-12-030(1)(b), <https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=139-12-030>.
- 18 GOM 1.06.025, <https://public.powerdms.com/KCSO/tree/documents/1757947>.
- 19 WAC 139-12-030(3)(b), <https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=139-12-030>.
- 20 Ibid.
- 21 Mga Tauhan ng Tanggapan ng Medikal na Tagasuri ng King County, interview sa OLEO, Agosto 22, 2023; Medikal na Tagasuri ng King County, "The role of the Medical Examiner (Ang tungkulin ng Medikal na Tagasuri)," <https://cd10-prod.kingcounty.gov/en/dept/dph/health-safety/medical-examiner/about-the-medical-examiner>.
- 22 RCW 68.50.300(1), <https://app.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=68.50.300&pdf=true>.

## Mga Endnote ipinagpatuloy

- <sup>23</sup> WSCJTC, “Independent Investigation of Officer Involved Use of Deadly Force Incident Best Practices (Hiwalay na Imbestigasyon sa Pinakamahuhusay na Kasanayan sa Insidenteng Gumagamit ng Nakamamatay na Puwersa na Kinasasangkutan ng Pulis),” Oktubre 2023, [https://www.cjtc.wa.gov/docs/default-source/letcsa/iit-best-practice-guidelines---october-2023.pdf?sfvrsn=d0470b5d\\_2](https://www.cjtc.wa.gov/docs/default-source/letcsa/iit-best-practice-guidelines---october-2023.pdf?sfvrsn=d0470b5d_2), [https://www.cjtc.wa.gov/docs/default-source/letcsa/iit-best-practice-guidelines---october-2023.pdf?sfvrsn=d0470b5d\\_2](https://www.cjtc.wa.gov/docs/default-source/letcsa/iit-best-practice-guidelines---october-2023.pdf?sfvrsn=d0470b5d_2).
- <sup>24</sup> WAC 139-12-030(2)(e), <https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=139-12-030>.
- <sup>25</sup> Mga Tauhan ng Tanggapan ng Sheriff, mga interview sa OLEO, Hulyo 24, 2023, Setyembr 6, 2023, Nobyembre 21, 2023.
- <sup>26</sup> Ibid.
- <sup>27</sup> MyAdvocate, interview sa OLEO, Agosto 31, 2023.
- <sup>28</sup> RCW 10.114.011 [2021 c 318 § 401; 2019 c 4 § 5.], <https://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=10.114.011>.
- <sup>29</sup> Katy Kirschner, Adrienne Wat, Liz Dop, “Evaluation of King County Sheriff’s Office: Policy, Practice, and Review Mechanisms for Officer-Involved Shootings Systemic Review relating to November 25, 2019 Officer-Involved Shooting of Anthony Chilcott (Pagsusuri sa Tanggapan ng Sheriff ng King County: Patakaran, Kasanayan, at Mga Mekanismo ng Pagsusuri para sa Pagsusuri ng Sistema ng Mga Pamamariil na Kinasasangkutan ng Pulis na Nauugnay sa Pamamariil ng Pulis kay Anthony Chilcott noong Nobyembre 15, 2019,” Agosto 2021, [https://kingcounty.gov/~media/independent/law-enforcement-oversight/report-recommendations/2021-08-31\\_OISReport\\_Nov2019\\_AChilcott.ashx?la=en](https://kingcounty.gov/~media/independent/law-enforcement-oversight/report-recommendations/2021-08-31_OISReport_Nov2019_AChilcott.ashx?la=en).
- <sup>30</sup> RCW 10.114.011 [2021 c 318 § 401; 2019 c 4 § 5.], <https://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=10.114.011>; GOM 6.01.050, <https://public.powerdms.com/KCSO/tree/documents/1758026>.
- <sup>31</sup> ART 2019-003, “Officer Witness Statement – 15 Report (Salaysay ng Testigong Opisyal),” Setyembre 18, 2019. (Tandaan: Ito ay internal na record ng Tanggapan ng Sheriff.)
- <sup>32</sup> WAC 139-12-030(3)(b), <https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=139-12-030>.
- <sup>33</sup> Tamer Abouzeid, “Letter to Sheriff Cole-Tindall Regarding Body Worn Camera Video Release (Liham kay Sheriff Cole-Tindall Kaugnay ng Paglalabas sa Video ng Camera na Isinusuota sa Katawan,” Oktubre 26, 2022, [https://cdn.kingcounty.gov/~media/independent/law-enforcement-oversight/policy%20recommendations/2022-10-26\\_BWC\\_Video\\_Release.ashx?la=en&hash=258F0B52390C9F01AA007F801CC01163](https://cdn.kingcounty.gov/~media/independent/law-enforcement-oversight/policy%20recommendations/2022-10-26_BWC_Video_Release.ashx?la=en&hash=258F0B52390C9F01AA007F801CC01163).
- <sup>34</sup> WAC 139-12-020(1)(b), <https://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=139-12-030>; Team para sa Integridad sa Publiko ng Tagausig na Abugado ng King County, “Use of Force – Fatality of Sanchez, Cicero 10/29/1990 (Paggamit ng Puwersa – Pagkamatay ni Sanchez, Cicero 10/29/1990),” Oktubre 10, 2023, <https://cdn.kingcounty.gov/~media/king-county/depts/pao/documents/public-integrity/use-of-force-fatalities/2022/sanchez-cicero-public-memo---redacted.pdf?rev=c8377db33c4c420facd80c8d9e7a98ca&hash=69A2FBFB38B59FAE951D30811044AAB1>.
- <sup>35</sup> Alice Nichols (Panrehiyong Tagapangasiwa ng Organisasyon sa Kalusugan ng Pag-iisip), interview sa OLEO, Setyembre 25, 2023; Tagapangasiwa ng Programa ng American Civil Liberties Union of Washington, interview sa OLEO, Setyembre 19, 2023; Anwar Peace (Eksperto sa Pananagot ng Pulisya at Tagapangulo ng Komisyon sa Mga Karapatang Pantao ng Lungsod ng Spokane), interview sa OLEO, Setyembre 19, 2023; Kinatawan ng Departamento ng Pamublikong Tagapagtanggol ng King County, interview sa OLEO, Setyembre 6, 2023; Colleen McInggalls (Tagapangasiwa ng Mga Serbisyo sa Biktima ng Tanggapan ng Tagausig na Abugado ng King County), interview sa OLEO, Setyembre 6, 2023; Joseph Marchesano (Senior Deputy na Tagausig na Abugado ng Unit para sa Mga Espesyal na Operasyon Tanggapan ng Tagausig na Abugado ng King County), interview sa OLEO, Agosto 22, 2023; Tauhan ng Tanggapan ng Medikal na Tagasuri ng King County, interview sa OLEO, Agosto 22, 2023; Manasseh Begay (Lisensiyadong Clinical Social Worker, Faculty, at Research Manager ng Washington University sa St. Louis), interview sa OLEO, Agosto 23, 2023; MyAdvocate, interview sa OLEO, Agosto 31, 2023; Lauren Bonds (Ehekutibong Direktor ng Pambansang Proyekto sa Pananagot ng Pulisya), interview sa OLEO, Setyembre 20, 2023; Paul Holland (Associate Dean para sa Experiential Learning School of Law ng Seattle University), interview sa OLEO, Setyembre 25, 2023; Provider ng Kalusugan na Nauugnay sa Pag-uugali ng Seattle, interview sa OLEO, Setyembre 11, 2023; Dr. Michaela Weber (Ehekutibong Direktor ng Mga Pansuportang Serbisyo sa Biktima), komunikasyon sa email sa OLEO, Setyembre 15, 2023.
- <sup>36</sup> Jazzlyn Johnson, “Bad Death Notifications are Affecting Families, Can They be Fixed (Mga Hindi Kanais-nais na Pag-abiso Tungkol sa Pagkamatay, Nakakaapekto sa Mga Pamilya, Puwede Pa Bang Ayusin ang Mga Ito?,” The Voice, Agosto 7, 2020, <https://www.communityvoiceks.com/2020/08/07/bad-death-notifications-are-affecting-families-can-they-be-fixed/>.
- <sup>37</sup> Ad Hoc na Komite sa Tulong at Komunikasyon sa Pamilya ng Komisyon para sa Pagsubaybay ng Sibilyan ng Sheriff, “Proposed Recommendations (Mga Iminumungkahing Rekomendasyon),” Setyembre 27, 2018, [https://file.lacounty.gov/SDSInterbos/supdocs/1044781\\_FR5final.pdf?utm\\_content=&utm\\_medium=email&utm\\_name=&utm\\_source=govdelivery&utm\\_term=](https://file.lacounty.gov/SDSInterbos/supdocs/1044781_FR5final.pdf?utm_content=&utm_medium=email&utm_name=&utm_source=govdelivery&utm_term=).
- <sup>38</sup> Tagapangasiwa ng Programa ng American Civil Liberties Union of Washington, interview sa OLEO, Setyembre 19, 2023; Anwar Peace (Eksperto sa Pananagot ng Pulisya at Tagapangulo ng Komisyon sa Mga Karapatang Pantao ng Lungsod ng Spokane), interview sa OLEO, Setyembre 19, 2023; Kinatawan ng Departamento ng Pamublikong Tagapagtanggol ng King County, interview sa OLEO, Setyembre 6, 2023; Lauren Bonds (Ehekutibong Direktor ng Pambansang Proyekto para sa Pananagot ng Pulisya), interview sa OLEO, Setyembre 20, 2023; Manasseh Begay (Lisensiyadong Clinical Social Worker, Faculty, at Research Manager ng Washington University sa St. Louis), interview sa OLEO, Agosto 23, 2023;
- <sup>39</sup> Alice Nichols (Panrehiyong Tagapangasiwa ng Organisasyon sa Kalusugan ng Pag-iisip), interview sa OLEO, Setyembre 25, 2023; Colleen McInggalls (Tagapangasiwa ng Mga Serbisyo sa Biktima Tanggapan ng Tagausig na Abugado ng King County), interview sa OLEO, Setyembre 6, 2023; Dr. Michaela Weber (Ehekutibong Direktor ng Mga Pansuportang Serbisyo sa Biktima), komunikasyon sa email sa OLEO, Setyembre 15, 2023.
